



Angelica Allen-McMillan, Ed.D.
Pansamantalang Komisyoner

Kathy Ehling, Esq.
Katulong ng Komisyoner
Dibisyon ng mga Serbisyong Pang-
edukasyon

Kimberly Murray
Direktor
Opisina ng Espesyal na Edukasyon

Mga Karapatan ng Magulang sa Espesyal na Edukasyon

Binago noong Mayo 2023

New Jersey Department of
Education PO Box 500
Trenton, New Jersey 08625 0500
(609) 376-9060
www.nj.gov/education/specialed

PTM 1506.13

LUPON NG EDUKASYON NG
ESTADO

Kathy A. Goldenberg..... Burlington County
Presidente

Andrew J. Mulvihill Sussex County
Bise President

Mary Beth Berry Hunterdon County

Elaine Bobrove.....Camden County

Fatimah Burnam-Watkins..... Union County

Ronald K. Butcher Gloucester County

Jack Fornaro.....Warren County

Mary Elizabeth Gazi.....Somerset County

Nedd James Johnson, Ed.D..... Salem County

Arcelio Aponte..... Middlesex County

Joseph Ricca, Jr., Ed.D..... Morris County

Sylvia Cioffi Monmouth County

Angelica Allen-McMillan, Ed.D.
Pansamantalang Komisyoner

Mga Karapatan ng Magulang sa Espesyal na Edukasyon

Ang Pamantayang Pang-administrabo ng New Jersey para sa espesyal na edukasyon (*N.J.A.C. 6A:14*) at ang pederal na *Batas ng 2004 sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act of 2004, IDEA 2004)* ay mga batas na nagsisiguro ng libre, naaangkop na edukasyon sa mga batang may kapansanan sa hindi gaanong mahigpit na kapaligiran. Isang mahalagang bahagi ng mga batas na ito ang nagbibigay sa mga magulang ng karapatang lumahok sa edukasyon ng kanilang mga anak.

Ikaw at ang mga kinatawan ng distrito ng paaralan ninyo ay mga miyembro ng pangkat na may pananagutan sa pagbuo ng angkop na programang pang-edukasyon para sa iyong anak. Inilalarawan ng dokumentong ito ang mga batas ng estado at pederal na nakakaapekto sa probisyon ng espesyal na edukasyon upang matulungan kang maunawaan ang iyong mga karapatan sa proseso ng espesyal na edukasyon. Sa kaalamang ito, magiging handa ka na magkaroon ng aktibong papel sa edukasyon ng iyong anak.

Ang dokumentong ito ay binuo para sa iyo ng Kagawaran ng Edukasyon, Opisina ng Espesyal na Edukasyon, sa pagsisikap na magbigay ng pinakakomprehensibo at napapanahong impormasyon. Ang dokumento ay pana-panahong binabago upang maipakita ang mga pagbabago sa batas, maibigay ang karagdagang impormasyon na magagamit mo, at maibigay ang impormasyon sa mas malinaw at maigsi na paraan.

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong sa pag-unawa sa iyong mga karapatan, ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Network ng Adbokasiya ng Magulang sa Buong Estado (Statewide Parent Advocacy Network, SPAN), Mga Karapatan sa Kapansanan ng New Jersey (Disability Rights New Jersey, DRNJ), mga Opisina sa County ng Kagawaran ng Edukasyon ng New Jersey at ng lokal na distrito ng inyong paaralan ay nakalista sa pahina 42.

Ito ang pahayag ng mga pamamaraan ng pangangalaga na kinakailangan alinsunod sa *Pamantayang Pang-administratibo ng New Jersey (New Jersey Administrative Code, N.J.A.C.) 6A:14-2.3(g)7*.

TALAN NG MGA NILALAMAN

Pagsangguni	1
Paggawa ng Desisyon at Pakikilahok sa mga Pagpupulong	1
Abiso ng Isang Pagpupulong.....	2
Nakasulat na Abiso	3
Katutubong Wika at Nakasulat na Abiso.....	4
Pahintulot	4
Mga Kahilingan ng Magulang	6
Paggamit ng Seguro	7
Pagsusuri.....	7
Independiyenteng Pagsusuri	8
Pagiging karapat-dapat	10
Programa sa Indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Program, IEP).....	10
Paglipat sa Pang-adultong Buhay	11
Muling pagsusuri	12
Paglipat ng mga Karapatan sa Pag-abot sa Edad ng Karamihan	12
Mga Pang-adultong Paglalagay sa Labas ng Estado	12
Pagiging Kumpidensyal at Pag-akses sa mga Rekord na Pang-edukasyon.....	13
Kahaliling Magulang	14
Paglalagay sa Iyong Anak sa Isang Hindi Pamublikong (Pribadong) Paaralan – Dahil sa Hindi Pagsang-ayon	15
Paglalagay sa Iyong Anak sa Isang Hindi Pamublikong (Pribadong) Paaralan – Dahil sa Kagustuhan (Mga Serbisyong Makatarungang Paglahok)	15
Paglutat ng mga Di-pagkakasundo	16
Boluntaryong Pamamagitan.....	16
Angkop na Proseso ng Pagdinig.....	18
Pinabilis na mga Angkop na Proseso ng Pagdinig	21
Aplikasyon para sa Agarang Kaluwagan.....	21
Mga Karapatan sa Angkop na Proseso ng Pagdinig.....	22
Mga Bayad sa Abogado.....	24
Resolusyon sa Reklamo ng Estado	25
Mga Pamamaraan sa Disiplina	34
Mga Karaniwang Ginagamit na Termino.....	38
Mga Madudulugan	39
Mga Madudulugan para sa Paglipat sa Pang-adultong Buhay.....	39
Mga Form sa Pagresolba ng Hindi Pagkakaunawaan	
Kahilingan para sa Pamamagitan	
Kahilingan para sa Nararapat na Proseso ng Pagdinig	
Kahilingan para sa Pinabilis na Nararapat na Proseso ng Pagdinig	
Kahilingan para sa Agarang Kaluwagan	
Kahilingan ng Kapital ng Affidavit o Nakanotaryong Pahayag	
Kahilingan para sa Pagpapatupad ng isang Kasunduan sa Pamamagitan	
Kahilingan para sa Pagpapatupad ng Desisyon na Inilabas ng Opisina ng Administratibong Batas	
Kahilingan para sa Pagsisiyasat ng Reklamo	

Mga Karapatan ng Magulang sa Espesyal na Edukasyon

PAGSANGGUNI

Ano ang isang pagsangguni?

Ang pagsangguni ay isang nakasulat na kahilingan para sa isang pagsusuri na ibinibigay sa distrito ng paaralan kapag ang isang bata ay pinaghihinalaang may kapansanan at maaaring mangailangan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon.

Sino ang maaaring magsangguni?

- Mga magulang
- Kawani ng paaralan
- Mga ahensyang may kinalaman sa kapakanan ng mga mag-aaral, kabilang ang Kagawaran ng Edukasyon ng New Jersey

Kung naniniwala kang maaaring may kapansanan ang iyong anak, maaari mong isangguni ang iyong anak para sa pagsusuri sa pamamagitan ng pagsumite ng nakasulat na kahilingan sa distrito ng inyong paaralan¹.

Ano ang mangyayari kapag nagawa ang isang pagsangguni?

Sa loob ng 20 mga araw ng kalendaryo² pagkatapos matanggap ang isang pagsangguni, ang distrito ng paaralan ay dapat magdaos ng isang pulong upang magpasya kung isasagawa ang isang pagsusuri. Kung isasagawa ang pagsusuri, isa pang desisyon ang gagawin kaugnay sa mga uri ng pagsubok at iba pang mga pamamaraan na gagamitin upang matukoy kung nangangailangan ang iyong anak ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Kung hindi isasagawa ang pagsusuri, maaaring gumawa ng mga rekomendasyon kaugnay ng mga pamamagitan o mga serbisyon ibibigay sa mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon.

PAGGAWA NG DESISYON AT PAKIKILAHOK SA MGA PAGPUPULONG

Paano ginagawa ang mga desisyon tungkol sa mga pangangailangan ng espesyal na edukasyon ng aking anak?

Ang mga desisyon tungkol sa mga pangangailangan ng espesyal na edukasyon ng iyong anak ay ginagawa sa mga pulong. Bilang magulang ng isang bata na mayroon o maaaring may kapansanan, **may karapatan kang lumahok sa mga pagpupulong patungkol sa:**

- **Pagtukoy** (pagpapasya upang suriin);
- **Pagsusuri** (kalikasan at saklaw ng mga pamamaraan ng pagtatasa);
- **Pag-uuri** (pagtukoy kung karapat-dapat ang iyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo);
- Pagbuo at pagsusuri ng **programang pang-indibidwal na edukasyon (individualized education program, IEP)** ng iyong anak;
- Pang-edukasyon na **paglalagay** sa iyong anak; at
- **Muling pagsusuri** sa iyong anak.

Itinuturing kang miyembro ng pangkat ng maraming disiplina ng mga kwalipikadong tao na nagpupulong upang gawin ang mga pagpapasiya na ito at bumuo ng programang pang-indibidwal na edukasyon (IEP) ng iyong anak.

¹ Kapag sumusulat sa distrito ng paaralan tungkol sa mga isyu sa espesyal na edukasyon, maaari kang sumulat sa punong-guro ng paaralan, direktor ng espesyal na edukasyon, superbisor ng pangkat ng pag-aaral ng bata, tagapamahala ng kaso o iba pang naaangkop na opisyal ng paaralan.

² Ibinubukod ng balangkas ng panahong ito ang mga pista opisyal ng paaralan, ngunit hindi isinasama ang bakasyon sa tag-init.

May karapatan ka na:

- Magkaroon ng isang tagapagsalin ng wika, tagasalin ng dokumento o ng wikang pakumpas na ibibigay ng paaralan nang walang bayad sa iyo, kung kinakailangan;
- Makilahok sa mga kinakailangang pagpupulong sa pamamagitan ng iba pang mga paraan tulad ng pang-indibidwal o pangkumperensyang mga tawag sa telepono o video kung hindi ka makakadalo nang personal; at
- Makatanggap ng kopya ng (mga) ulat sa pagsusuri, dokumentasyon at impormasyon na gagamitin para sa pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat nang hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo bago ang pulong ng pagiging kwalipikado.

Dapat bang dumalo ang lahat ng mga miyembro ng pangkat ng IEP sa mga pulong ng pangkat ng IEP?

Lahat ng kinakailangang miyembro ng pangkat ng IEP ay dapat dumalo sa lahat ng mga pagpupulong ng pangkat ng IEP maliban kung magbibigay ka ng nakasulat na pahintulot na payagang huwag dumalo ang isang kinakailangang miyembro ng pangkat ng IEP. May dalawang kaganapan na maaaring humiling ang distrito ng paaralan ng iyong pahintulot na payagan na huwag dumalo ang isang miyembro ng pangkat ng IEP mula sa isang pulong:

- Kung ang lugar ng isang kinakailangang miyembro ng pangkat ng IEP ay hindi tinalakay³, maaaring humingi ang distrito ng paaralan ng iyong nakasulat na pahintulot upang mapahintulutan ang miyembro ng pangkat na iyon na huwag dumalo mula sa bahagi ng pulong o mula sa buong pulong. Ang kahilingan para sa pahintulot ay dapat ipadala kasama ng abiso ng pulong. Kung sumasang-ayon ka na maaaring payagan na huwag dumalo ang miyembro ng pangkat, dapat mong pirmahan ang kahilingan para sa pahintulot at ibalik ito sa paaralan. Tulad ng lahat ng kahilingan para sa pahintulot, maaari kang tumanggi na magbigay ng pahintulot at dapat dumalo sa pulong ang miyembro ng pangkat.
- Kung tatalakayin ang isang kinakailangang lugar ng miyembro ng pangkat ng IEP, maaaring hilingin ng distrito ng paaralan ang iyong nakasulat na pahintulot upang mapahintulutan na huwag dumalo ang miyembrong iyon mula sa bahagi ng pulong o mula sa buong pulong. Ang kahilingan para sa pahintulot ay dapat ipadala kasama ng abiso ng pulong at dapat isama ang nakasulat na mungkahi mula sa miyembro ng koponan. Ang nakasulat na mungkahi ay dapat ding ipadala sa iba pang mga miyembro ng pangkat ng IEP bago ang pulong. Kung sumasang-ayon ka na maaaring huwag dumalo ang miyembro ng pangkat, dapat mong pirmahan ang kahilingan para sa pahintulot at ibalik ito sa paaralan. Tulad ng lahat ng kahilingan para sa pahintulot, maaari kang tumanggi na magbigay ng pahintulot at ang miyembro ng pangkat ay dapat dumalo sa pulong.

ABISO NG ISANG PAGPUPULONG

Paano ako aanyayahan na lumahok sa mga pagpupulong?

Upang matiyak na mayroon kang pagkakataong lumahok sa mga pagpupulong at proseso ng paggawa ng desisyon para sa iyong anak, ang mga pagpupulong tungkol sa espesyal na edukasyon para sa iyong anak ay dapat na nakaiskedyul sa isang oras at lugar na naayon sa iyo at sa distrito. Ang distrito ng paaralan ay dapat na abisuhan ka sa pamamagitan ng pagsulat nang maaga upang matiyak na magkaroon ka ng pagkakataong dumalo.

Anong impormasyon ang dapat isama sa abiso ng isang pagpupulong?

Ang nakasulat na abiso ng pagpupulong ay dapat magsaad ng layunin, oras, lokasyon at kung sino ang dadalo at:

- Ipaalam sa iyo na ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring mag-imbata sa pagpupulong ng iba pang mga indibidwal na may kaalaman o espesyal na kadalubhasaan kaugnay sa iyong anak, kabilang ang mga nauugnay na tauhan ng serbisyo. Ang pagpapasiya kung ang indibidwal ay may ganoong kaalaman o espesyal na kadalubhasaan ay tinutukoy ng partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) na nag-imbata sa indibidwal;
- Simula sa edad na 14, o mas bata, kung naaangkop, ang abiso para sa isang mag-aaral na may kapansanan ay dapat ding magpahiwatig na ang layunin ng isang pagpupulong ay ang pagsasaalang-alang sa mga kinakailangang serbisyo sa paglipat at aanyayahan ng paaralan ang mag-aaral na dumalo sa pulong.

³ Halimbawa, kung ang layunin ng isang pulong ng pangkat ng IEP ay talakayin ang mga pagbabago sa isang kaugnay na serbisyo tulad ng terapiya sa pananalita-wika, maaaring hilingin ng distrito ng paaralan na payagang huwag dumalo ang guro ng pangkalahatang edukasyon o guro ng espesyal na edukasyon dahil walang pagbabago sa pagtuturo sa silid-aralan at samakatuwid, hindi tatalakayin ang lugar ng guro.

Maaari bang magsagawa ng pagpupulong ang distrito ng paaralan kung hindi ako makadalo?

Oo. Maaaring magdaos ng pagpupulong ang distrito ng paaralan nang wala ka. Maaaring gawin ito ng distrito ng paaralan kung ito ay nakapagdokumento na gumawa ito ng maraming pagtatangka na mag-iskedyul ng isang pagpupulong kasama ka o makuha ang iyong pakikilahok sa pagpupulong sa pamamagitan ng kumperensya sa telepono o video at hindi ito nagawa.

NAKASULAT NA ABISO

Paano ako maaabisuhan sa mga desisyon kaugnay sa mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon ng aking anak?

Aabisuhan ka ng distrito ng iyong paaralan ng iyong paaralan kaugnay ng mga desisyong ginagawa tungkol sa iyong anak sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng nakasulat na abiso.

Dapat ibigay ang nakasulat na abiso kapag ang distrito ng paaralan ay:

- **Nagmumungkahi na simulan o baguhin:**
 - ◆ Ang pagkakakilanlan, pagsusuri, at pag-uuri;
 - ◆ Ang pagpapatupad ng isang IEP o pang-edukasyong pagtatalaga;
 - ◆ Ang pagbibigay ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon (freem appropriate public education, FAPE) sa iyong anak;
 - ◆ Isang muling pagsusuri;
- **Humihingi ng pahintulot;** at
- **Inaprubahan o tinatanggi ang isang kahilingang** ginawa mo sa pamamagitan ng pagsulat kaugnay sa pagkakakilanlan, pagsusuri, pang-edukasyon na pagtatalaga o probisyon ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon sa iyong anak.

Ano ang dapat isama sa nakasulat na abiso?

Ang nakasulat na abiso ay dapat kabilangan ng buong paglalarawan sa panukala ng distrito at isang pahayag na mayroon kang mga karapatan sa ilalim ng batas sa espesyal na edukasyon. Kung nagpasya ang distrito na magsagawa o hindi magsagawa ng isang paunang pagsusuri, bilang karagdagan sa lahat ng nakalista sa ibaba, ang distrito ay dapat magbigay sa iyo ng isang kopya ng mga tuntunin ng espesyal na edukasyon at mga tuntunin sa angkop na proseso ng pagdinig.

Kapag nagbibigay ng nakasulat na abiso, ang distrito ng paaralan ay dapat palaging:

- Ilarawan ang aksyon na iminumungkahi o tinatanggihan nito;
- Ipaliwanag kung bakit ginagawa o hindi ginagawa ang aksyon;
- Ilarawan ang iba pang mga opsyon na isinasalang-alang at ipaliwanag kung bakit tinatanggihan ang mga opsyong iyon;
- Ilarawan kung naaangkop, ang mga pamamaraan, mga pagsusuri, mga talaan o mga ulat na ginamit ng distrito sa paggawa ng desisyon;
- Ilarawan ang anumang iba pang mga salik na nauugnay sa mungkahi o pagtanggig ng distrito; at
- Isama ang abiso na mayroon kang mga karapatan sa ilalim ng batas sa espesyal na edukasyon.

Kailan ako dapat bigyan ng kopya ng aklat na ito?

Dapat kang bigyan ng kopya ng aklat na ito isang beses bawat taon at kahit kailan:

- Humihiling ng kopya ang isang magulang;
- Ang iyong anak ay isinangguni para sa isang paunang pagsusuri;
- Ang unang kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig o unang kahilingan para sa isang reklamo ay isinumite sa Kagawaran ng Edukasyon sa isang taon ng paaralan; at
- Ang desisyon na magsasagawa ng pandisiplinang aksyon na bumubuo ng pagbabago ng pagkakatalaga.

Sa lahat ng iba pang pagkakataon, ang distrito ay dapat magbigay sa iyo ng pahayag na nagpapaliwanag:

- Na bilang isang magulang ng isang mag-aaral na o maaaring maging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon, mayroon kang mga karapatan sa ilalim ng batas sa espesyal na edukasyon;
- Paano ka makakakuha ng kopya ng pahayag sa mga pangangalagang pamamaraan (procedural safeguards statement, PRISE); at
- Mga mapagkukunan na maaari mong kontakin para sa tulong sa pag-uunawa sa mga tuntunin sa espesyal na edukasyon.

Elektronikong Koreo

Kung nag-aalok ang distrito ng iyong paaralan sa mga magulang ng opsyon na makatanggap ng mga abiso sa pamamagitan ng e-mail, maaari mong piliing tanggapin ang mga sumusunod na abiso sa elektronikong paraan:

- Nakasulat na abiso;
- Abiso ng mga pananggalang na pamamaraan; at
- Mga abiso na nauugnay sa isang angkop na proseso ng reklamo.

KATUTUBONG WIKA AT NAKASULAT NA ABISO

Ang nakasulat na abiso ay dapat nasa wikang naiintindihan ng pangkalahatang publiko at sa iyong sariling wika o sa iba pang pangunahing paraan ng komunikasyon. Kung hindi ito isang nakasulat na wika, dapat gumawa ang paaralan ng mga hakbang upang matiyak na naisalin ang abiso nang pasalita o sa ibang mga paraan sa iyong sariling wika o iba pang paraan ng komunikasyon. Kung hindi nakasulat na wika ang iyong wika, dapat tiyakin ng distrito ng paaralan na naiintindihan mo ang abiso, at dapat nitong idokumento na naiintindihan mo ang abiso.⁴

Kailan ako dapat bigyan ng distrito ng nakasulat na abiso?

Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa isang pagpupulong kaugnay sa pagkakakilanlan, pagsusuri o muling pagsusuri, ng IEP, o pagkakatagay, dapat magbigay ang distrito ng paaralan sa iyo ng nakasulat na abiso ng anumang mga desisyon na ginawa at/o anumang mga aksyon na iminungkahi o tinanggihan. Ang nakasulat na abiso ay dapat ding ibigay kapag humingi ang distrito ng paaralan ng iyong pahintulot para sa isang iminungkahing aksyon. Ang iminungkahing aksyon ay maaaring ipatupad nang mas maaga, kung sumang-ayon sa sulat ang magulang.

PAHINTULOT

Ano ang ibig sabihin ng pahintulot?

Ang pahintulot ay nangangahulugan na naibigay mo na ang lahat ng impormasyong kinakailangan upang makagawa ng matalinong desisyon kaugnay sa iminungkahing aktibidad. Ang pahintulot ay nangangahulugan din na naiintindihan mo at sumasang-ayon ka sa pamamagitan ng sulat sa iminungkahing aktibidad. Samakatuwid, ang nakasulat na abiso ay dapat na bahagi ng anumang kahilingan para sa iyong nakasulat na pahintulot.

Ang pahintulot ay agaran. Ibig sabihin, pagkatapos mong maibigay ang iyong nakasulat na pahintulot, dapat simulan ng distrito ng paaralan ang aktibidad sa lalong madaling panahon.

⁴ Kasama sa kinakailangang ito ang pagbibigay ng tagasalin ng sign language kung naaangkop.

Kailan dapat makuha ng distrito ng paaralan ang aking pahintulot?

Kinakailangan ang iyong pahintulot:

- **Bago masuri ang iyong anak sa unang pagkakataon** upang matukoy kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon;
- **Bago magsimula ang programa ng espesyal na edukasyon ng iyong anak sa unang pagkakataon;**
- **Bago masuri ang iyong anak bilang bahagi ng muling pagsusuri.** Gayunpaman, kung maipakita ng distrito na sinubukan nitong kunin ang iyong pahintulot para sa muling pagsusuri ng iyong anak at hindi ka tumugon, maaaring magpatuloy ang distrito sa pagsusuri nang wala ang iyong pahintulot;
- **Bago ilabas ang mga talaan ng iyong anak** sa isang tao o organisasyon na hindi awtorisadong makita ang mga ito;
- **Sa tuwing gusto ng distrito ng iyong paaralan na ma-akses ang pribadong seguro** na sumasaklaw sa iyong anak;
- **Sa unang pagkakataon na gusto ng distrito ng iyong paaralan na ma-akses ang mga pampublikong benepisyo o seguro** na sumasaklaw sa iyong anak;
- **Sa tuwing gusto ng distrito ng iyong paaralan na pahintulutan na lumiban ang isang kinakailangang miyembro ng pangkat** mula sa isang pagpupulong ng pangkat ng IEP;
- **Sa tuwing amyendahan ang IEP ng iyong anak nang walang pagpupulong ng pangkat ng IEP;** at
- **Sa tuwing sumasang-ayon ka na talikdan ang muling pagsusuri ng iyong anak.**

Ano ang mangyayari kung hindi ako magbibigay ng pahintulot para sa iminungkahing aktibidad?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa iminungkahing paunang pagsusuri, muling pagsusuri, o pagpapalabas ng mga talaan at hindi magbibigay ng pahintulot, hindi maaaring magpatuloy ang distrito ng paaralan. Kung nais ng distrito ng paaralan na magpatuloy sa alinman sa mga iminungkahing aktibidad na ito, ang distrito ng paaralan ay dapat humingi ng angkop na proseso ng pagdinig (tingnan ang pahina 17) upang makakuha ng pahintulot mula sa isang hukom ng pang-administratibong batas (administrative law judge, ALJ). Sa angkop na proseso ng pagdinig, magpapasya ang ALJ kung ang iyong anak ay maaaring suriin, muling suriin o kung maaaring ilabas ang mga talaan ng iyong anak nang wala ang iyong pahintulot.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang mungkahi na ipatupad ang paunang IEP, kumuha ng pampublikong seguro (tulad ng Medicaid) o ang iyong pribadong seguro na sumasaklaw sa iyong anak, isang kahilingan na pahintulutan na lumiban ang isang kinakailangang miyembro ng pangkat ng IEP mula sa isang pagpupulong, isang kahilingan na baguhin ang IEP ng iyong anak nang walang pagpupulong, o isang kahilingan ng distrito ng iyong paaralan na talikdan ang (tatlong taon) muling pagsusuri ng iyong anak, maaaring hindi gawin ng distrito ng paaralan ang hinihiling nito. Kung hindi ka nagpapahintulot, ang distrito ng paaralan ay hindi maaaring magsampa para sa isang angkop na proseso ng pagdinig upang hilingin sa isang ALJ na magbigay ng pahintulot para sa alinman sa mga ganitong uring mga kahilingan.

Maaari ko bang bawiin ang aking pahintulot pagkatapos itong maibigay?

Ang pagbibigay ng pahintulot ay boluntaryo. Maaari mong mapawalang bisa (bawiin) ang iyong pahintulot anumang oras sa pamamagitan ng pagsulat sa distrito ng paaralan. Ang pagbawi ng pahintulot ay hindi nagpapawalang-bisa sa isang aksyon na naganap pagkatapos maibigay ang pahintulot at bago bawiin ang pahintulot. Kung sumulat ka sa distrito ng paaralan upang bawiin ang iyong pahintulot pagkatapos makatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at/o mga kaugnay na serbisyo, ang distrito ng paaralan ay may 10 araw upang tumugon sa iyong nakasulat na pagbawi na may abiso. Dapat tanggapin ng distrito ng paaralan ang iyong nakasulat na pagbawi ng pahintulot at hindi maaaring gumamit ng pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig upang hangarin na bawiin ang iyong nakasulat na pagbawi ng pahintulot.

Maaaring magpasya ang distrito ng paaralan na makipagkita sa iyo upang talakayin ang pagbawi ng pahintulot. Ang pagpupulong ay dapat isagawa sa loob ng 20-araw na yugto ng panahon upang tumugon sa nakasulat na pagbawi ng pahintulot at ang distrito ng paaralan ay dapat magpadala sa iyo ng abiso bago ang ika-20 araw pagkatapos mong ibigay sa distrito ng paaralan ang iyong nakasulat na pagbawi ng pahintulot. Kapag naipadala na sa iyo ang nakasulat na abiso, mayroon kang 15 araw upang isaalang-alang ang nakasulat na abiso at bawiin ang nakasulat na pagbawi ng pahintulot kung pipiliin mo. Pagkatapos ng 15 araw na mga yugto ng panahon, ang iyong anak ay ituturing na isang mag-aaral ng pangkalahatang edukasyon para sa lahat ng mga layunin, kabilang ang mga usapin sa pagdidisiplina, mula sa petsang iyon.

Kung matukoy mo sa ibang pagkakataon na gusto mong makatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, dapat kang gumawa ng nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri sa iyong anak. Maaaring hindi agad maibabalik ang mga serbisyo. Sa halip, dapat kumpletuhin ang isang paunang pagsusuri sa iyong anak at, kung ang iyong anak ay natukoy na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo pagkatapos makumpleto ang pagsusuring iyon, isang programa ng indibidwal na edukasyon (individualized education program, IEP) ang bubuuin para sa kanya. Ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay hindi maibibigay sa iyong anak hanggang sa makumpleto ang isang bagong IEP "at sinang-ayunan mo," at ang abiso ay ibinibigay sa iyo.

Maaari ko bang bawiin ang aking pahintulot para sa bahagi ng programa ng aking anak?

Hindi. Kapag binawi mo ang pahintulot, ito ay para sa lahat ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Hindi mo maaaring bawiin ang pahintulot lamang para sa mga serbisyong hindi mo gustong matanggap ng iyong anak. Kung mayroon kang hindi sinasang-ayunan sa iyong distrito sa mga partikular na serbisyo o sa paglalagay kung saan ibinibigay ang mga serbisyo, dapat kang humingi ng pagpupulong sa pangkat ng IEP upang talakayin ang mga serbisyo. Kung ikaw at ang iba pang mga miyembro ng pangkat ay hindi sumasang-ayon kapag nagpulong kayo, maaari mong gamitin ang mga pamamaraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan na inilarawan sa bandang huli ng nitong aklat upang malutas ang hindi pagkakaunawaan.

Kung bawiin ng magulang ang pahintulot para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, kailangan bang baguhin ng distrito ang talaan ng estudyante dahil binawi ang pahintulot?

Hindi. Maaaring hilingin ng isang magulang na baguhin ng distrito ng paaralan ang talaan ng mag-aaral upang maalis ang mga pagsangguni sa probisyon ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo kung bawiin ng magulang ang pahintulot pagkatapos na unang mabigyan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ang mag-aaral. Gayunpaman, hindi kinakailangang alisin ng distrito ng paaralan ang anumang mga sanggunian sa pagtanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo dahil binawi ang pahintulot.

Dapat bang makuha ng distrito ng paaralan ang aking pahintulot sa tuwing may mungkahing baguhin ang programa o pagkakalagay ng aking anak?

Hindi. Kapag nagsimula na ang mga serbisyo, ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring magmungkahi ng mga pagbabago sa programa o pagkakalagay ng iyong anak sa isang pagpupulong ng IEP. Ang iyong pahintulot ay hindi kinakailangan upang maipatupad ang mga pagbabago. Ang distrito ng paaralan ay dapat magbigay sa iyo ng nakasulat na abiso ng mga iminungkahing pagbabago tulad ng inilarawan sa itaas.

Paano ko mapipigilan ang iminungkahing aksyon kapag hindi ako sumasang-ayon?

Dapat kang humiling ng pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig pagkatapos matanggap ang nakasulat na abiso (tingnan ang mga seksyon ng **Katutubong Wika at Nakasulat na Abiso**). Upang humiling ng pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig, dapat mong ilagay ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng sulat at ipadala ito sa Kagawaran ng Edukasyon at sa distrito ng paaralan. Kasama sa dulo ng aklat na ito ang isang form ng paghiling ng pamamagitan/angkop na proseso ng pagdinig. Habang nilulutas ang hindi pagsang-ayon, mananatiling pareho ang kasalukuyang pagkakalagay at mga serbisyo ng iyong anak. Ito ay tinatawag na **"nanatiling pagkalagay."**

Kung hindi ka sumasang-ayon sa iminungkahing aksyon at hindi mo ipaalam sa distrito ng paaralan ang iyong hindi pagsang-ayon sa pamamagitan ng paghiling ng pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig, ang iminungkahing aksyon ay maaaring ipatupad.

MGA KAHILINGAN NG MAGULANG

Maaari kang humiling ng pagbabago sa pagsusuri, pagiging karapat-dapat, IEP o pagkakalagay ng iyong anak. Sa tuwing gagawa ka ng ganoong kahilingan sa paaralan, dapat kang gumawa ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat at magtago ng kopya para sa iyong mga talaan. Ang paaralan ay may 20 araw ng kalendaryo upang sagutin ka sa pamamagitan ng sulat. Ang mga pista opisyal sa paaralan ay hindi binibilang sa 20 araw. Ngunit, ang mga paaralan ay kinakailangang tumugon sa loob ng 20 araw sa panahon ng tag-init. Dapat kasama sa sagot ang mga bahagi ng abiso (tingnan ang pahina 3). Bilang karagdagan, kung ang isang pagpupulong ay kinakailangan upang tumugon sa iyong kahilingan, ang pagpupulong ay dapat isagawa sa loob ng 20 araw mula sa kahilingan. Kung ang distrito ng iyong paaralan ay nagpatibay ng isang patakaran na nagpapahintulot sa mga magulang na magsumite ng mga nakasulat na kahilingan sa pamamagitan ng elektronikong koreo, maaari mong isumite ang iyong mga kahilingan sa pamamagitan ng pagsunod sa patakaran sa e-mail ng paaralan. Kung hindi, ang mga naturang kahilingan ay dapat isulat o i-type at ibigay sa distrito ng paaralan.

PAGGAMIT NG SEGURO

Maaari bang hilingin ng distrito ng paaralan na gamitin ko ang aking pribadong medikal na seguro o pampublikong seguro o mga benepisyong sumasaklaw sa aking anak upang makakuha ng mga pagsusuri sa aking anak, o espesyal na edukasyon o mga kaugnay na serbisyo na kinakailangan upang mabigyan ang aking anak ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE)?

Hindi. Ang distrito ng paaralan ay maaaring hindi mag-atas na magpahintulot ka sa paggamit ng pampubliko o pribadong seguro na sumasaklaw sa iyong anak upang makakuha ng pagsusuri sa iyong anak, o upang magbigay ng espesyal na edukasyon o mga kaugnay na serbisyo (hal. pisikal na terapiya, mga serbisyo sa pagsasalita at wika) na kailangan ng iyong anak para makatanggap ng FAPE. Gayunpaman, kung ang distrito ng iyong paaralan ay nagbibigay ng nakasulat na abiso at nagbigay ka ng pahintulot, maaaring gamitin ang pampubliko o pribadong seguro o mga benepisyo. Dapat ipaalam sa iyo ng distrito na ang pagbibigay ng pahintulot ay boluntaryo.⁵ Gayundin, ang iyong pahintulot ay dapat hilingin at makuha ng distrito ng paaralan sa tuwing gagamit ito ng pribadong seguro na sumasaklaw sa iyong anak upang makakuha ng espesyal na edukasyon o mga kaugnay na serbisyo para sa iyong anak, at alinsunod sa mga pederal na regulasyon, sa unang pagkakataon na hinahangad ng distrito ng paaralan na gamitin ang pampublikong seguro o mga benepisyong sumasaklaw sa iyong anak. Ibig sabihin nito, halimbawa, kung hihilingin ng distrito ng paaralan na gamitin ang iyong seguro upang magbigay ng pisikal na terapiya para sa iyong anak isang beses sa isang linggo para sa taon ng paaralan na sakop ng IEP ng iyong anak, ang iyong pahintulot ay dapat ibigay sa simula ng taon ng paaralan upang magamit ang iyong seguro upang magbigay ng pisika na terapiya para sa taon. Kung nais ng distrito ng paaralan na gamitin ang iyong seguro sa ibang pagkakataon upang magbigay ng isa pang serbisyo, kailangan nitong hingin muli ang iyong pahintulot bago nito magamit ang iyong seguro.

Ma-aakses ba ng aking distrito ang aking mga benepisyo sa Medicaid?

Maaaring ma-aakses ng distrito ng iyong paaralan ang iyong mga benepisyo sa Medicaid upang makatanggap ng pera sa pamamagitan ng programang Inisyatiba sa Espesyal na Edukasyon ng Medicaid (Special Education Medicaid Initiative, SEMI). Maaaring ma-aakses ng distrito ng paaralan ang mga benepisyo ng Medicaid lamang kung ang isang form ng pahintulot ay pinirmahan ng magulang. Ang pagpirma sa form ng pahintulot ay walang epekto sa saklaw ng kalusugan ng Medicaid ng iyong anak. Kinakailangan din ng distrito na magpadala ng paalala sa mga magulang isang beses bawat taon na nilalarawan ang programang SEMI.

PAGSUSURI

Ano ang isang pagsusuri?

Ang pagsusuri ay ang prosesong ginagamit upang matukoy kung ang iyong anak ay may kapansanan. Kasama sa prosesong ito ang pagrerepaso ng anumang nauugnay na datos, at ang indibidwal na pangangasiwa sa anumang mga pagsusubok, mga pagtatasa at mga obserbasyon sa iyong anak. Para sa isang paunang pagsusuri, hindi bababa sa dalawang miyembro ng pangkat ng pag-aaral ng bata⁶ at iba pang mga espesyalista,⁷ kung kinakailangan o kung matukoy na kinakailangan, ay dapat lumahok. Kinakailangan ang hindi bababa sa dalawang pagtatasa sa iyong anak upang matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ang bawat pagtatasa ay dapat isagawa ng isang tao na may naaangkop na pagsasanay, o kung sino ang kuwalipikadong magsagawa ng pagtatasa sa pamamagitan ng kanyang propesyonal na lisensya o sertipikasyon.

Kailan kinakailangan ang isang pagsusuri?

Kailangan ang pagsusuri kapag ikaw, ang mga miyembro ng pangkat ng pag-aaral ng bata, at ang guro ng iyong anak ay nagpulong at nagpasya na maaaring may kapansanan ang iyong anak.

⁵ Kung hindi ka nagbibigay ng pahintulot na gamitin ang iyong seguro, dapat pa ring ibigay ng distrito ang (mga) serbisyo nang walang bayad sa iyo.

⁶ Kapag ang pinaghihinalaang kapansanan ay isang kapansanan sa wika, ang espesyalista sa pagsasalita at wika ay maaaring lumahok bilang isa sa dalawang kinakailangang miyembro ng pangkat ng pag-aaral ng bata.

⁷ Kasama sa mga espesyalista ang ngunit hindi limitado sa, mga espesyalista sa pagsasalita at wika, mga terapistang kaugnay ng trabaho, pampisikal na terapistang, at mga doktor.

Maaari bang gamitin ang mga pagsusuri/pagtatasa sa aking anak na inihanda ng isang taong hindi nagtatrabaho para sa distrito ng paaralan bilang isa sa dalawang pagtatasa na kinakailangan para sa isang paunang pagsusuri sa aking anak?

Oo. Ang mga ulat at mga pagtatasa na inihanda ng mga pangkat ng pag-aaral ng bata o mga taong nagbibigay ng mga kaugnay na serbisyo (tulad ng pikiskal na terapiya o mga serbisyo sa pagsasalita at wika) ay maaaring gamitin bilang mga pagtatasa para sa isang paunang pagsusuri. Ang mga pagtatasa at mga ulat ay dapat mula sa mga taong nagtatrabaho para sa ibang mga distrito ng pampublikong paaralan (o mga serbisyong pang-edukasyon o mga komisyon sa jointure), mga klinika o ahensyang inaprubahan ng Kagawaran ng Edukasyon, o mga propesyonal sa pribadong pagsasanay. Upang magamit, dapat ang ulat na nakumpleto sa loob ng nakaraang taon at dapat na repasuhin ng miyembro ng pangkat ng pag-aaral ng bata o ibang tao sa distritong kwalipikadong repasuhin ang ulat. Kung matukoy ng distrito na nakakatugon ang ulat sa mga kinakailangan sa mga regulasyon ng Estado para sa pagsusuri ng mga mag-aaral, ang ulat ay maaaring gamitin bilang isa sa mga kinakailangang pagtatasa ng iyong anak.

INDEPENDIYENTENG PAGSUSURI

Ano ang isang independiyenteng pagsusuri?

Ang independiyenteng pagsusuri ay isang pagsusuri ng isang kwalipikadong tao na hindi nagtatrabaho sa distrito ng iyong paaralan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagsusuri o muling pagsusuri na nakumpleto ng distrito ng iyong paaralan, may karapatan ka na humingi ng ISANG independiyenteng pagsusuri. Nangangahulugan ito na maaari kang magpasya na ang pagsusuri ng distrito ay hindi naisagawa nang tama o hindi kumpleto, at na gusto mo ng pagsusuri na gagawin ng iba.

Maaari kang humiling ng marami (o kakaunti) na magkakahiwalay na pagtatasa hangga't gusto mo kapag hiniling mo ang iyong ISANG independiyenteng pagsusuri. Halimbawa, maaari kang magpasya na ang isa o higit pang mga pagtatasa na nakumpleto ng distrito ng iyong paaralan, tulad ng pagtatasa sa pagkatuto o sikolohikal na pagtatasa sa iyong anak, ay hindi tama, at gusto mong isagawa ng iba ang bagong (mga) pagtatasa. O, maaaring naniniwala ka na ang pagsusuri ng distrito ng paaralan ay dapat na may kasamang (mga) pagtatasa na hindi ginawa ng distrito ng paaralan, tulad ng medikal o para sa asal na pagtatasa ng iyong anak.

Kapag ginawa mo ang iyong kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri pagkatapos makumpleto ng distrito ng paaralan ang pagsusuri o muling pagsusuri, ang (mga) pagtatasa na iyong hiniling ay kukumpletuhin ng ibang mga tao (maliban kung sinabi ng isang ALJ na hindi sila dapat). Matapos makumpleto ang mga pagtatasa, hindi ka maaaring humingi ng isa pang independiyenteng pagsusuri na babayaran ng distrito ng iyong paaralan hanggang sa ang susunod na muling pagsusuri sa iyong anak ay makumpleto ng iyong distrito ng paaralan. Samakatuwid, dapat mong tiyakin na hilingin ang lahat ng mga pagtatasa na pinaniniwalaan mong kailangan bilang bahagi ng iyong kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri dahil kailangan mong maghintay para sa isang muling pagsusuri bago ka maaaring gumawa ng isa pang kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri na babayaran ng distrito ng iyong paaralan.

Ano ang mga kinakailangan para sa isang independiyenteng pagsusuri?

Ang isang independiyenteng pagsusuri ay ibinibigay nang libre. Ito ay nasa pampublikong gastos. Kung, bilang bahagi ng isang angkop na proseso ng pagdinig, ang isang ALJ ay humiling ng isang independiyenteng pagsusuri, ito, din, ay dapat na makuha ng distrito ng paaralan sa pampublikong gastos. Ang mga independiyenteng pagsusuri ay dapat matugunan ang parehong mga kinakailangan bilang mga pagsusuri na isinagawa ng distrito ng paaralan.

Paano kung ang distrito ng paaralan a naniniwala na angkop ang pagsusuri nila?

Kapag ang distrito ng paaralan ay hindi sumasang-ayon sa pangangailangan para sa isang independiyenteng pagsusuri, ang distrito ng paaralan ay dapat humingi ng angkop na proseso ng pagdinig sa loob ng 20 araw pagkatapos matanggap ang iyong kahilingan. Kung ang isang ALJ ay nagpasya na ang pagsusuri ng distrito ay angkop, ang distrito ay hindi kailangang magbayad para sa independiyenteng pagsusuri. Ang iyong karapatan na makakuha ng independiyenteng pagsusuri sa sarili mong gastos ay hindi magbabago.

Dapat bang nasuri ng distrito ng aking paaralan ang aking anak sa (mga) lugar kung saan ako humihingi ng independiyenteng pagsusuri bago ako payagang makakuha ng independiyenteng pagsusuri?

Hindi. Hindi maaaring limitahan ng distrito ang iyong karapatan sa isang independiyenteng pagsusuri sa pamamagitan ng unang pagsasagawa ng pagtatasa sa isang lugar na hindi pa natatasa ng paunang pagsusuri o muling pagsusuri. Pagkatanggap sa iyong kahilingan, ang distrito ay dapat magbigay ng impormasyon kung saan maaaring makuha ang isang independiyenteng pagsusuri, o humingi ng angkop na proseso ng pagdinig.

Saan maaaring makakuha ng isang independiyenteng pagsusuri?

Ang isang independiyenteng pagsusuri ay maaaring makuha mula sa ibang distrito ng paaralan, isang komisyon ng mga serbisyong pang-edukasyon, isang komisyon na pinagsama, isang aprubadong klinika o ahensya, o isang pribadong propesyonal, na sertipikado at/o may lisensya kung kinakailangan. Ang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunang ito ay dapat ibigay sa iyo ng iyong paaralan.

Maaari bang magpataw ang distrito ng paaralan ng mga limitasyon o paghihigpit sa pagpili ng mga tagasuri?

Kung ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa iyong kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri, ang distrito ng paaralan ay dapat magbigay ng impormasyon kung saan maaaring makuha ang isang independiyenteng pagsusuri. Upang matulungan ang mga distrito ng paaralan at mga magulang, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpapanatili ng isang listahan ng mga inaprubahang klinika at mga ahensya. Ang mga distrito ng paaralan ay maaaring magmungkahi ng ilang bilang ng mga klinika o mga ahensya sa loob ng heyograpikong lugar mula sa listahang iyon. Dapat makuha ng mga magulang ang hiniling na pagsusuri mula sa iminungkahing listahan sa loob ng makatwirang takdang panahon at sa halaga na itinakda ng distrito.

Kung hindi ka sumasang-ayon na pumili ng isang tagapagbigay ng serbisyo mula sa mga iminungkahi ng distrito ng paaralan, dapat isaalang-alang ng distrito ang iyong kahilingan para sa ibang tagapagbigay ng serbisyo. Gayundin, dapat isaalang-alang ng distrito ng paaralan ang iyong kahilingan para sa isang tagasuri na nagkakahalaga ng higit sa karaniwang binabayaran ng distrito ng paaralan para sa parehong pagsusuri. Kung hindi sumasang-ayon ang distrito ng paaralan sa iyong kahilingan, dapat itong humiling ng angkop na proseso ng pagdinig upang tanggihan ang iyong kahilingan.

Ang nasabing pagsasaalang-alang at ang desisyon ng distrito na magbigay o humiling ng angkop na proseso ng pagdinig upang tanggihan ang kahilingan ay dapat mangyari sa loob ng 20 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri.

Mayroon bang anumang mga pangyayari na magpapahintulot sa distrito ng paaralan na tanggihan ang isang kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri nang hindi humihiling ng angkop na proseso ng pagdinig?

Oo. Maaaring tanggihan ng distrito ng paaralan ang pagpili ng magulang ng tagasuri nang hindi humihiling ng angkop na proseso ng pagdinig, kung ang tagasuri ay walang hawak na sertipiko at/o lisensya ng New Jersey, kung saan kinakailangan ang sertipiko at/o lisensya. Karagdagan, ang mga magulang ay may karapatan sa isang independiyenteng pagsusuri (na maaaring magsama ng higit sa isang pagtatasa) para sa bawat paunang pagsusuri o muling pagsusuri. Kaya, pagkatapos na maisagawa ang isang independiyenteng pagsusuri o ang isang ALJ ay nagpasya na ang isang independyente ay hindi isasagawa, ang distrito ng paaralan ay maaaring tanggihan ang mga kasunod na kahilingan para sa isang independiyenteng pagsusuri nang hindi humihiling ng angkop na proseso ng pagdinig. Kapag ang distrito ay nagsagawa ng isa pang muling pagsusuri, ang isang magulang ay maaaring humingi ng isang independiyenteng pagsusuri kung siya ay hindi sumasang-ayon sa muling pagsusuri.

Ano ang kailangang gawin ng distrito ng paaralan kapag nakatanggap ito ng independiyenteng pagsusuri?

Dapat isaalang-alang ng distrito ng paaralan ang anumang independiyenteng pagsusuri, kabilang ang binayaran mo, kapag gumagawa ng mga desisyon tungkol sa programa ng espesyal na edukasyon ng iyong anak. Gayunpaman, hindi kinakailangang tanggapin ng distrito ng paaralan ang ulat ng pagsusuri o isama ang alinman sa mga rekomendasyon nito sa IEP ng iyong anak. Ang isang independiyenteng pagsusuri ay maaaring iharap bilang ebidensya sa isang angkop na proseso ng pagdinig.

PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Paano tinutukoy ang pagiging karapat-dapat?

Kapag natapos na ang pagsusuri, ang pagiging karapat-dapat ay sama-samang tinutukoy sa isang pulong ayon sa *N.J.A.C. 6A:14-2.3(k)*⁸.⁸ Upang maging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo:

- Ang isang mag-aaral ay dapat na may kapansanan ayon sa isa sa mga kategorya ng pagiging karapat-dapat;
- Ang kapansanan ay dapat na nakakaapekto nang masama sa pagganap sa edukasyon ng mag-aaral; at
- Ang mag-aaral ay dapat na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Ang distrito ng paaralan ay dapat na magbigay ng kopya ng (mga) ulat ng pagsusuri at dokumentasyon na gagamitin upang makagawa ng pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat sa magulang (o mag-aaral na nasa hustong gulang, kapag naaangkop) nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagpupulong.

PROGRAMA SA INDIBIDWAL NA EDUKASYON (INDIVIDUALIZED EDUCATION PROGRAM, IEP)

Ano ang programa sa indibidwal na edukasyon?

Matapos matukoy na karapat-dapat ang iyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, isang pagpupulong ang gaganapin upang bumuo ng IEP ng iyong anak. Ang IEP ay isang nakasulat na plano na naglalarawan nang detalyado sa programa ng espesyal na edukasyon ng iyong anak. Dapat ilarawan ng IEP kung paano gumaganap sa kasalukuyang ang iyong anak at ang mga partikular na pangangailangan sa pagtuturo ng iyong anak. Ang IEP ay dapat magsama ng detalyado at nasusukat na taunang mga layunin at panandaliang layunin o mga pamantayan.

Sino ang dapat dumalo sa pagpupulong ng IEP?

Maliban kung pahintulutan na lumiban sila sa pagpupulong ayon sa pahintulot mo alinsunod sa pamamaraan sa pahina 2, ang mga sumusunod na tao ay dapat dumalo sa mga pagpupulong ng IEP:

- Mag-aaral, kung naaangkop⁹;
- Magulang;
- Hindi bababa sa isang guro sa pangkalahatang edukasyon (sa lawak na naaangkop), kung ang mag-aaral ay lumalahok o lalahok sa regular na edukasyon;
- Hindi bababa sa isang guro ng espesyal na edukasyon (o tagapagbigay ng espesyal na edukasyon kung naaangkop);
- Hindi bababa sa isang miyembro ng pangkat ng pag-aaral sa bata;
- Tagapamahala ng kaso;
- Kinatawan ng distrito ng paaralan;
- Mga iba pa sa pagpapasya ng magulang o distrito ng paaralan; at
- Kung ang paglilipat ay tatalakayin sa pagpupulong ng IEP, isang kinatawan ng anumang ibang ahensya na malamang na magkaloob o magbayad para sa mga serbisyo; at
- Sa kahilingan ng magulang, ang Bahagi C na Tagakoordina ng Serbisyo para sa isang mag-aaral na lumilipat mula sa Programang Maagang Pamamagitan patungo sa programang Bahagi B ng Espesyal na Edukasyon na inaalok ng distrito ng paaralan.

⁸ Ang mga mag-aaral na may kapansanan sa pagsasalita at/o wika ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga serbisyo sa pagsasalita at wika tulad ng inilarawan sa *N.J.A.C. 6A:14-3.6*.

⁹ Simula sa edad na 14, ang mag-aaral ay dapat maanyayahan na dumalo sa pagpupulong ng IEP kung kinakailangan upang makalahok sa pagpapalano para sa paglipat sa buhay ng may hustong gulang.

May karapatan kang:

- Sa mga kopya ng IEP ng iyong anak;
- Magsama ng iba sa mga pagpupulong;
- I-tape record ang mga pagpupulong ng IEP kung ipinaalam mo sa iba pang mga tao nang pasalita o nakasulat, bago magsimula ang pagpupulong na balak mong i-record ang pagpupulong;
- Ipatupad ang IEP sa loob ng 90 araw pagkatapos matanggap ng paaralan ang iyong pahintulot para sa unang pagsusuri;
- Ipatupad ang IEP sa lalong madaling panahon pagkatapos ng pagpupulong ng IEP;
- Ipasuri ang IEP kahit man lang taun-taon; at
- Ipaalalang-alang sa pangkat ng IEP na magkaroon ng pinahabang mga serbisyo sa taon ng paaralan.

PAGLIPAT SA PANG-ADULTONG BUHAY

Ano ang pagpapalano ng paglipat?

Ang pagpapalano ng paglipat ay isang pormal, pangmatagalang proseso ng kooperasyon na tutulong sa iyong anak na matagumpay na lumipat mula sa paaralan patungo sa mundo ng mga nasa hustong gulang. Ang mga regulasyon ng New Jersey ay nag-aatas na ang pagpapalano ng paglipat ay magsimulang matugunan sa IEP na ipapatupad para sa taon ng pag-aaral kung saan ang iyong anak ay umabot sa 14 na taong gulang, o mas bata kung matukoy na naaangkop ng pangkat ng IEP. Ang pagpapalano ng paglipat ay patuloy na tinutugunan sa IEP ng iyong anak bawat taon hanggang sa pagtatapos o paglabas sa mataas na paaralan.

Sino ang kasangkot sa pagpapalano ng paglipat?

Karaniwang kinasasangkutan ng pagpapalano ng paglipat ang pangkat ng IEP, iba pang mga miyembro ng pamilya, kawani ng paaralan, kawani mula sa ibang mga ahensya, mga tagapag-empleyo at iba pang mga miyembro ng komunidad. Sa tuwing isasama sa IEP ang pagpapalano ng paglipat, ang mag-aaral ay **dapat** imbitahan na dumalo sa pagpupulong ng IEP at maging isang mahalagang miyembro ng pangkat ng IEP.

Ano ang mga bahagi ng pagpapalano ng paglipat?

Ang mga sumusunod ay mga pangunahing bahagi ng pagpapalano ng paglipat sa IEP para sa mga batang 14 taong gulang at mas matanda:

- Isang pahayag ng mga kalakasan, mga interes at mga kagustuhan ng bata
- Pagkilala sa isang kurso ng pag-aaral (mga pamagat ng kurso para sa tagal ng IEP at higit pa)
- Pagkilala sa mga estratehiya at/o mga aktibidad na inilaan upang matulungan ang bata sa pagbuo o pagkamit ng mga layunin pagkatapos ng sekondarya
- Isang paglalarawan sa pangangailangan para sa konsultasyon (impormasyon at/o payo) mula sa ibang mga ahensya (tulad ng mga Serbisyo ng Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon), Sistema ng Pangangalaga sa mga Bata, Dibisyon ng mga Kapansanan sa Pag-unlad, atbp.)
- Isang pahayag ng anumang kinakailangang ugnayan at pananagutan sa interagency

Ang mga karagdagang mahalagang bahagi ay kasama bilang bahagi ng pagpapalano sa paglipat sa IEP para sa mga batang 16 taong gulang at mas matanda:

- Ang mga layunin ng bata pagkatapos ng sekondarya batay sa mga pagtatasa ng pagbabago na naaangkop sa edad na may kaugnayan sa pagsasanay, edukasyon, trabaho at, kung naaangkop, independiyentang pamumuhay
- Ang mga serbisyo sa paglipat na kailangan upang matulungan ang bata sa pag-abot sa mga layunin pagkatapos ng sekondarya (isang nakakoordinang hanay ng mga aktibidad/mga estratehiya na kinabibilangan ng pagtuturo, mga kaugnay na serbisyo, mga karanasan sa komunidad, pag-unlad ng trabaho at iba pang mga layunin sa pamumuhay ng nasa hustong gulang pagkatapos ng paaralan, at, kung naaangkop, pagkuha ng pang-araw-araw na mga kasanayan sa pamumuhay at gumaganang bokasyonal na pagsusuri)

Para sa karagdagang impormasyon sa pagpapalano ng paglipat, tingnan ang seksyon ng mga Mapagkukunan ng dokumentong ito.

MULING PAGESUSURI

Gaano kadalas dapat muling susuriin ang aking anak?

Dapat na muling suriin ang iyong anak sa loob ng tatlong taon mula sa kanyang huling pagsusuri maliban kung magbibigay ka ng pahintulot na talikdan ang tatlong taong muling pagsusuri. Kung magbibigay ka ng pahintulot na talikdan ang tatlong taong muling pagsusuri, ang susunod na tatlong taong yugto ng panahon para sa muling pagsusuri ay magsisimula sa petsa na ibinigay mo ang iyong nakasulat na pahintulot na talikdan ang muling pagsusuri. Ang isang muling pagsusuri ay maaaring isagawa nang mas maaga kaysa sa tatlong taon kung ang mga kundisyon ay nangangailangan nito o kung ikaw o ang guro ng iyong anak ay humiling nito. Gayunpaman, maaaring tanggihan ng distrito ng paaralan ang iyong kahilingan para sa muling pagsusuri na ginawa sa loob ng isang taon mula sa petsa na natapos ang huling pagsusuri ng iyong anak. Bilang karagdagan, dapat na muling suriin ng distrito ng paaralan ang iyong anak bago nito matukoy na ang iyong anak ay hindi na isang batang may kapansanan at hindi na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Ano ang mga kinakailangan para sa muling pagsusuri?

Ang pangkat ng IEP ay dapat magpulong upang suriin ang kasalukuyang datos at magpasya kung ang karagdagang pagsusubok ay kinakailangan upang matukoy kung ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay dapat ipagpatuloy. Maaaring magpasya ang pangkat ng IEP na walang karagdagang impormasyon ang kailangan upang matukoy ang patuloy na pagiging karapat-dapat ng iyong anak para sa espesyal na edukasyon. Bilang miyembro ng pangkat, maaari kang hindi sumang-ayon sa desisyon at maaari kang humiling na ang distrito ng paaralan ay magsagawa ng pagtatasa sa iyong anak. Pagkatapos, dapat tasahin ng distrito ng paaralan ang iyong anak upang matukoy ang pagiging karapat-dapat (o hindi pagiging karapat-dapat).

Kailangan ba ng distrito ng paaralan ang aking pahintulot na magsagawa ng pagsubok bilang bahagi ng muling pagsusuri?

Dapat makuha ng paaralan ang iyong pahintulot bago magsagawa ng anumang pagsubok bilang bahagi ng muling pagsusuri sa iyong anak. Gayunpaman, kung maipakita ng paaralan na sinubukan nitong kunin ang iyong pahintulot para sa muling pagsusuri ng iyong anak at hindi ka tumugon, maaaring ipagpatuloy ng paaralan ang pagsubok gaya ng nakaplano.

PAGLIPAT NG MGA KARAPATAN SA PAG-ABOT SA EDAD NG KARAMIHAN

Anong mga karapatan ang mayroon ako kapag ang aking anak ay umabot sa edad na 18 taong gulang?

Kapag ang iyong anak ay umabot na sa edad na 18 taong gulang, lahat ng karapatan sa ilalim ng batas sa espesyal na edukasyon ay ililipat sa iyong anak maliban kung ang hukuman ay nagtalaga ng isang legal na tagapag-alaga para sa iyong anak. Parehong matatanggap mo at ng iyong nasa hustong gulang na mag-aaral ang lahat ng kinakailangang abiso na nasa loob ng mga karapatang ito ng magulang. Hindi bababa sa tatlong taon bago maging 18 taong gulang ang iyong anak, dapat ipaalam sa iyo at sa iyong anak ng distrito ng paaralan ang paglipat ng mga karapatang ito.

MGA PANG-ADULTONG PAGLALAGAY SA LABAS NG ESTADO

Ano ang dapat isaalang-alang ng mga magulang kapag ang mga mag-aaral ay 21 taong gulang na at pumapasok sa mga labas ng estado na paglalagay?

Kapag tinatalakay ang posibilidad ng isang paglalagay sa labas ng estado, dapat tandaan ng mga magulang na ang sinumang mag-aaral na may kapansanan sa pag-unlad na inilagay sa isang pasilidad na pang-edukasyon sa labas ng estado pagkatapos ng Enero 11, 2016 ay hindi makaka-akses ng anumang pondo para sa mga serbisyo sa labas ng estado mula sa Dibisyon ng Pag-unlad ng mga Kapansanan ng New Jersey kapag ang mag-aaral ay umabot sa edad na dalawampu't isang taong gulang (21).

PAGIGING KUMPIDENSYAL AT PAG-AKSES SA MGA REKORD NA PANG-EDUKASYON¹⁰

Maaari ko bang makita ang mga rekord sa edukasyon ng aking anak?

Dapat panatilihin ng mga distrito ng paaralan ang pagiging kumpidensyal ng impormasyong nasa rekord sa edukasyon ng iyong anak. Gayunpaman, ang pampublikong paaralan na nagpapanatili ng mga rekord ng edukasyon ng iyong anak ay dapat na ipagpalagay na mayroon kang awtoridad na siyasatin/repasuhin ang mga rekord ng iyong anak maliban kung ang paaralan ay legal na naabisuhan nang nakasulat na ang iyong mga karapatan ay winakasan sa ilalim ng batas ng estado, tulad ng sa pamamagitan ng pangangalaga o diborsyo.

May karapatan kang:

- Hilingin na makita ang isang listahan ng lahat ng mga uri ng mga rekord na iniingatan kaugnay sa iyong anak at kung saan inilalagay ang mga talaan;
- Tingnan ang alinman sa mga rekord ng edukasyon ng iyong anak na iniingatan o ginagamit ng distrito ng paaralan:
 - Nang walang hindi kinakailangang pagkaantala;
 - Bago ang anumang pagpupulong o pagdinig ng IEP; at
 - Sa loob ng 10 araw pagkatapos hilingin na makita ang mga talaan. (Kung maaari, ang kahilingang ito ay dapat nakasulat.)
- Humingi ng paliwanag at interpretasyon ng mga talaan;
- Kumuha ng mga kopya ng mga talaan. Ang isang paaralan ay maaaring maningil ng makatwirang bayad para sa pagkopya kung ang bayad na iyon ay hindi humahadlang sa iyo sa pagrepaso sa mga talaan. Ang paaralan ay maaaring hindi maningil ng bayad sa paghanap o pagkuha ng mga talaan;
- Maabisuhan bago sirain ang impormasyon sa mga rekord ng iyong anak; at
- Magbigay ng pahintulot o tumanggi na magbigay ng pahintulot na ibahagi ang mga rekord ng iyong anak sa sinumang walang layuning pang-edukasyon o legal na makita ang mga ito.

Ang paaralan ay dapat magtago ng rekord ng mga nakakakuha ng pag-akses sa rekord ng iyong anak, kasama ang mga pangalan, mga petsa at mga layunin para sa pag-akses. Kung hihilingin mo, may karapatan kang masabihan kung sino ang nabigyan ng impormasyon mula sa mga rekord ng iyong anak, ang petsa na ibinigay ito at kung paano ito ginamit.

Dapat makuha ng distrito ng paaralan ang iyong nakasulat na pahintulot bago maaaring ibigay ang anumang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan kaugnay sa iyong anak sa sinumang tao na hindi karapat-dapat sa batas na magkaroon ng pag-akses dito (tingnan ang pahina 5).

Kung bibigyan mo ang paaralan ng nakasulat na pahintulot, maaaring magkaroon ng ibang tao na tatanggap at/o rerepaso sa mga rekord para sa iyo. Kung ang isang rekord ay may impormasyon sa higit sa isang bata, maaari mong tingnan ang impormasyon kaugnay sa iyong anak lamang.

May karapatan ba akong repasuhin ang mga rekord ng aking anak kapag siya ay naging isang adultong mag-aaral?

Hanggang ang iyong anak ay umabot sa edad na 18 taong gulang, mayroon kang akses sa lahat ng mga rekord sa edukasyon na pinananatili ng paaralan. Pagkatapos ng paglipat ng mga karapatan sa pag-abot sa edad ng mayorya, may karapatan kang i-akses ang mga rekord sa edukasyon ng iyong anak kung ang iyong anak ay umaasa pa rin sa pananalapi sa iyo at nakarehistro pa rin sa sistema ng pampublikong paaralan, o kung mayroon kang pahintulot ng iyong nasa hustong gulang na anak para sa pag-akses.

Paano ko mapabago ang mga rekord ng aking anak?

Maaari mong hilingin sa distrito ng paaralan na baguhin ang mga rekord sa edukasyon ng iyong anak kung naniniwala ka na ang mga rekord ay:

- Walang katuturan;
- Hindi tumpak;
- Hindi pinoprotektahan ang pagkapribado o iba pang mga karapatan ng iyong anak; o
- Kung hindi man ay hindi naaangkop.

¹⁰ Ang mga regulasyon para sa mga rekord ng mag-aaral ay matatagpuan sa N.J.A.C. 6A:32. Ang distrito ng paaralan ay kailangang magbigay sa iyo ng kopya ng mga regulasyong ito kapag ikaw ay humiling.

Kung hihilingin mo sa distrito ng paaralan na baguhin ang rekord ng iyong anak, may karapatan kang makatanggap ng desisyon tungkol sa iyong kahilingan. Maaaring magpasya ang distrito ng paaralan na gawin ang pagbabago at ipaalam sa iyo ang pagbabago sa pamamagitan ng sulat; kung hindi, ang distrito ng paaralan ay dapat makipagpulong sa iyo sa loob ng 10 araw upang matukoy kung gagawin ang pagbabago.

Kung hindi gagawin ng distrito ng paaralan ang pagbabago, dapat nitong ipaalam sa iyo ang pagtanggì at ang iyong karapatang mag-apela sa pamamagitan ng paghiling ng pagdinig mula sa Komisyoner ng Edukasyon alinsunod sa *N.J.A.C. 6A:3*.

Kung ang Komisyoner ay nagpasiya pagkatapos ng isang pagdinig na ang mga rekord ay hindi kailangang baguhin, ang distrito ng paaralan ay dapat na ipaalam sa iyo sa pamamagitan ng sulat ang iyong karapatang magdagdag ng isang pahayag sa mga rekord ng iyong anak na nagbibigay ng mga dahilan kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa mga rekord ng paaralan. Ang pahayag na ito ay dapat na panatilihin sa mga rekord ng iyong anak hangga't ang may-katuturang rekord ay pinananatili, at ang pahayag ay dapat na ilabas sa tuwing ang nauugnay na rekord ay isiwalat.¹¹

KAHALILING MAGULANG

Kailan itinatalaga ang kahaliling magulang at ano ang tungkulin ng kahaliling magulang?

Kapag ang magulang ng mag-aaral ay hindi matukoy o ang magulang ay hindi mahanap pagkatapos ng makatwirang pagsisikap, kapag ang isang ahensya ng estado ay may pangangalaga sa mag-aaral, kapag ang mag-aaral ay isang ward ng estado, o kapag ang mag-aaral ay isang walang kasamang kabataang walang tirahan gaya ng tinukoy sa pederal na batas, ang isang kahaliling magulang ay dapat italaga para sa mag-aaral. Kinakatawan ng kahaliling magulang ang mag-aaral sa lahat ng bagay na may kaugnayan sa pagkakakilanlan, pagsusuri, pagbuo ng IEP, paglalagay ng mag-aaral, at pagbibigay ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa mag-aaral.

Ang responsableng distrito ng paaralan ay dapat magkaroon ng isang paraan para sa pagtukoy kung ang isang bata ay nangangailangan ng isang kahalili na magulang at para sa pagtatalaga ng isang kahalili na magulang sa isang bata kung kinakailangan. Bilang karagdagan, ang distrito ng paaralan ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na magtalaga ng kahaliling magulang sa loob ng 30 araw ng pagtukoy na kailangan ng kahaliling magulang para sa isang mag-aaral. Dapat tiyakin ng responsableng distrito ng paaralan na ang bawat kahaliling magulang ay nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan:

- Ang tao ay dapat walang interes na salungat sa interes ng mag-aaral na kanyang kinakatawan;
- Ang tao ay dapat nagtataglay ng kaalaman at mga kasanayan na nagtitiyak ng sapat na representasyon ng mag-aaral;
- Ang tao ay dapat na hindi bababa sa 18 taong gulang; at
- Ang tao ay hindi maaaring isang empleyado ng distrito ng paaralan, ng Kagawaran ng Edukasyon ng New Jersey o anumang iba pang ahensyang kasangkot sa edukasyon o pangangalaga ng bata. (Kung binabayaran ng distrito ng paaralan ang kahaliling magulang para lamang sa paglilingkod sa ganoong kapasidad, ang tao ay hindi itinuturing na empleyado ng distrito ng paaralan.)

Kahulihan, hindi maaaring palitan ng distrito ng paaralan ang isang kahaliling magulang nang walang dahilan at, kung binabayaran ng distrito ng paaralan ang isang kahalili na magulang para sa paglilingkod bilang kahaliling magulang, ang tao ay dapat sumailalim sa pagsusuri sa kasaysayan ng krimen alinsunod sa *N.J.S.A. 18A:6-7.1*.

¹¹ Ayon sa pamantayan ng mga rekord ng mag-aaral, ang *N.J.A.C. 6A:32-7.4(e)*, ang ipinag-uutos na ang mga rekord ng mag-aaral ay dapat panatilihin sa loob ng limang taon pagkatapos ng pagtatapos, pagwawakas mula sa distrito ng paaralan, o edad na 23 taong gulang, alinman ang mas mahaba.

PAGLALAGAY SA IYONG ANAK SA ISANG HINDI PAMPUBLIKONG (PRIBADONG) PAARALAN – DAHIL SA HINDI PANGSANG-AYON

Kung hindi ako sumasang-ayon sa programa ng distrito ng paaralan at ilalagay ko ang aking anak sa isang hindi pampubliko (pribado) na paaralan, sino ang may pananagutan na magbayad para sa mga gastos?

Ang iyong anak ay may karapatan sa isang libre, naaangkop na pampublikong edukasyon. Kung ang iyong anak ay nakarehistro sa isang pampublikong paaralan at hindi ka sumasang-ayon sa programa ng espesyal na edukasyon ng distrito ng paaralan, maaari mong piliing ilagay ang iyong anak sa isang pribado o hindi pampublikong paaralan, o isang pribadong programa sa maagang pagkabata na pinaniniwalaan mong nakakatugon sa mga pangangailangan ng iyong anak sa espesyal na edukasyon. Ikaw ang may pananagutan sa mga gastos, maliban kung mapatunayan sa isang angkop na proseso ng pagdinig na nabigo ang distrito na bigyan ang iyong anak ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon at ang paaralang pinili mo ay angkop upang matugunan ang mga pangangailangan sa edukasyon ng iyong anak.

Ano ang dapat kong gawin kung plano kong hilingin sa distrito ng paaralan na ibalik sa akin ang mga gastos sa hindi pampublikong (pribadong) paaralan?

Kung ang iyong anak ay may IEP na binuo ng distrito ng paaralan, maaari mong ilagay ang iyong anak sa isang hindi pampubliko (pribado) na paaralan at humingi na ibalik ang gastos mula sa distrito. Dapat mong ipaalam sa distrito ng paaralan sa isang pagpupulong ng IEP at bigyan ang distrito ng paaralan ng nakasulat na abiso nang hindi bababa sa 10 araw (hindi kasama ang mga katapusan ng linggo lamang) bago ang pagrerehistro ng iyong anak sa hindi pampubliko (pribado) na paaralan. Dapat mong sabihin ang iyong hindi pagsang-ayon sa IEP ng distrito ng paaralan, ang paglalagay na iminungkahi ng distrito ng paaralan at ang iyong intensyon na irehistro ang iyong anak sa isang hindi pampublikong (pribadong) paaralan.

Kung binigyan ka ng distrito ng paaralan ng nakasulat na abiso na ang layunin nito ay suriin ang iyong anak, bago mo alisin ang iyong anak mula sa pampublikong paaralan, dapat hayaan mo ang iyong anak na masuri ng distrito ng paaralan upang maprotektahan ang iyong habol para sa pagbabalik sa iyong gastos.

Ang pagkabisang ipaalam sa distrito ng paaralan ang iyong intensyon na gumawa ng pribadong pagkakatagay sa gastos ng publiko, ang kabiguan ipasuri ang iyong anak, o iba pang hindi makatwirang aksyon sa iyong bahagi ay maaaring magresulta sa desisyon ng ALJ na bawasan o tanggihan ang pagbabalik sa iyong gastos na nagugol para sa pribadong paglalagay.

PAGLALAGAY SA IYONG ANAK SA ISANG HINDI PAMPUBLIKONG (PRIBADONG) PAARALAN – DAHIL SA KAGUSTUHAN (MGA SERBISYONG MAKATARUNGANG PAGLAHOK)

Kung inilagay ko ang aking anak sa isang hindi pampublikong (pribadong) paaralan dahil mas gusto ko ang uri ng edukasyon na inaalok ng hindi pampublikong paaralan, may karapatan ba ang aking anak sa espesyal na edukasyon at sa mga kaugnay na serbisyo mula sa isang distrito ng pampublikong paaralan?

Ang isang mag-aaral na may kapansanan na inirehistro ng kanyang mga magulang sa isang hindi pampublikong paaralan ay walang indibidwal na karapatan na makatanggap ng ilan o lahat ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na matatanggap niya kung siya ay nakatala sa pampublikong paaralan. Gayunpaman, may karapatan ang iyong anak na isangguni sa isang pangkat ng pag-aaral ng bata para sa pagsusuri para sa pagiging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Kung ang iyong anak ay isang mag-aaral sa preschool na nakatala sa isang programa ng maagang pagkabata, responsibilidad ng distrito ng iyong paaralan sa paninirahan na kilalanin siya at, kung naaangkop, suriin para sa pagiging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Kung ang iyong anak ay makikitang karapat-dapat, ang distrito ng iyong paaralan sa paninirahan ay mag-aalok ng isang programa na idinisenyo upang mabigyan siya ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon. Ang nasabing programa ay ipagkakaloob pagkatapos ng pagpapatala sa distrito ng pampublikong paaralan at ibibigay sa isang pagkakatagay na tinutukoy ng pangkat ng IEP. Kung tatanggihan mo ang programang inaalok ng distrito ng iyong paaralan sa paninirahan dahil gusto mong manatili ang iyong anak sa programa ng maagang pagkabata, maaari kang pumunta

sa distrito ng paaralan kung saan pumapasok ang iyong anak sa programa ng maagang pagkabata (maaaring sa parehong distrito) at humingi ng plano ng serbisyo at mga serbisyo. Ang isang plano ng serbisyo ay isusulat lamang kung ang iyong anak ay nakakatanggap ng mga serbisyo at hindi kailangang isama ang antas ng mga serbisyo na maaaring ialok ng distrito ng pampublikong paaralan kung ang iyong anak ay nakatala sa distrito.

Kung ang iyong anak ay nasa kindergarten hanggang ika-12 baitang na programa, ang pangkat ng pag-aaral ng bata ng distrito ng paaralan kung saan ang iyong anak ay pumapasok sa hindi pampublikong paaralan (distrito ng pagpasok) ang magpapasiya kung susuriin ang iyong anak. Kung kinakailangan ang pagsusuri, ang pangkat ay dapat magsagawa ng mga pagtatasa nang libe at tukuyin kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Kung ang iyong anak ay natukoy na karapat-dapat, isang plano ng serbisyo ay isusulat lamang kung ang iyong anak ay tumatanggap ng mga serbisyo.

Ano ang aking mga karapatan kung hindi ako sumasang-ayon sa pagsusuri o sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat?

Maaari kang humiling ng pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig kung ang pangkat ng pag-aaral ng bata ay nagpasya na ang pagsusuri ay hindi kinakailangan o kung hindi ka sumasang-ayon sa plano ng pagtatasa. Maaari kang humiling ng isang independiyenteng pagsusuri nang libre kung hindi ka sumasang-ayon sa pagsusuri na isinagawa ng pangkat. Maaari ka ring humiling ng pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat. (Tingnan ang mga seksyon sa pamamagitan at angkop na proseso ng pagdinig, pahina 15 at 17.)

Kung ang aking anak ay matukoy na karapat-dapat at hindi ako sumasang-ayon sa panukala para sa mga serbisyo, ano ang aking mga karapatan?

Wala kang karapatang humiling ng pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig upang hindi sumang-ayon sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na iminungkahi para sa iyong anak sa isang plano ng serbisyo. Ito ay totoo kahit na ang distrito ay nagpasya na hindi magbigay ng anumang mga serbisyo.¹²

Para sa mga hindi pagkakasundo tungkol sa pagbibigay ng mga serbisyo ng distrito kung saan matatagpuan ang hindi pampublikong paaralan, maaari kang magsampa ng reklamo. Tutukuyin ng OSE kung ang distrito na pinapasukan (ang distrito ng paaralan kung saan pumapasok ang iyong anak sa hindi pampublikong paaralan) ay gumamit ng naaangkop na mga pamamaraan sa pagtukoy kung sinong mga bata ang makakatanggap ng mga serbisyo at kung ang mga serbisyo ay ibinibigay.

PAGLUTAS NG MGA DI-PAGKAKASUNDO

Ano ang mangyayari kung hindi ako sumasang-ayon sa distrito ng paaralan tungkol sa pagkakakilanlan, pagsusuri, pag-uuri, paglalagay sa edukasyon o pagbibigay ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon?

Maaaring may pagkakataon na hindi kayo magkasundo ng distrito ng paaralan. Maraming hindi pagkakasundo ang maaaring malutas sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa guro ng iyong anak, tagapamahala ng kaso, punong-guro ng paaralan, o iba pang tauhan ng distrito ng paaralan. Mayroon ding mga pamamaraan na itinatag sa ilalim ng batas ng estado at pederal upang matugunan ang iyong mga alalahanin, tulad ng paglutas ng reklamo, pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig.

BOLUNTARYONG PAMAMAGITAN

Ano ang pamamagitan?

Ang pamamagitan ay isang paraan upang talakayin at lutasin ang mga hindi pagkakasundo sa pagitan mo at ng distrito ng paaralan sa tulong ng isang sinanay, walang kinikilingan na ikatlong tao na kilala bilang isang tagapamagitan.

Saan at kailan nagaganap ang pamamagitan?

Ang pamamagitan ay nangyayari sa isang pulong (kumperensya) na ginanap ng isang tagapamagitan sa isang oras at lugar na makatwirang maginhawa sa mga kalahok. Ang pagpupulong ay maiiskedyul sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang isang nakasulat na kahilingan.

¹² Kung pipiliin mong irehistro ang iyong anak sa mga pampublikong paaralan at humiling ng IEP, pinahihintulutan kang magsampa para sa isang angkop na proseso ng pagdinig upang hamunin ang programa at mga serbisyo sa IEP.

Paano pinipili ang mga tagapamagitan?

Ang mga tagapamagitan ay hindi nagtatrabaho sa SEA. Pinipili ang mga ito sa isang umiikot na batayan. Kapag natanggap ang isang kahilingan para sa pamamagitan, ang susunod na makukuha na tagapamagitan ay itatalaga upang magsagawa ng kumperensya ng pamamagitan.

Sino ang maaaring humingi ng pamamagitan?

Alinman sa ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring humingi ng pamamagitan kung mayroong hindi pagkakasundo.

Magkano ang halaga ng pamamagitan?

Ang pamamagitan ay ibinibigay nang libre sa iyo o sa paaralan.

Paano ako makakahiling ng pamamagitan?

Maaari kang magsumite ng nakasulat na kahilingan sa:	Ang kahilingan para sa pamamagitan ay dapat:
Director, Office of Special Education New Jersey Department of Education P.O. Box 500 Trenton, New Jersey 086250500 osepdisputeresolution@doe.nj.gov	Sabihin ang isyu (problema); Tukuyin ang hinahangad na lunas (solusyon); at Ipakita na ang isang kopya ng kahilingan ay ipinadala sa distrito ng paaralan.

Ang isang form ng kahilingan na maaaring gamitin sa paghingi ng pamamagitan ay nakalalip sa dulo ng librong ito. Pakitandaan na ang paggamit ng modelong form ay hindi kinakailangan; gayunpaman, ang pagbibigay ng hiniling na impormasyon ay makakatulong sa pagpapabilis sa iyong kahilingan.

Maaari bang maghain ang isang magulang ng kahilingan para sa pamamagitan sa pamamagitan ng elektronikong koreo o iba pang elektronikong pagsusumite?

Ang OSE ay tumatanggap ng mga kahilingan para sa pamamagitan, isang angkop na proseso ng pagdinig, agaran na kaluwagan (kahilingan lamang; ang mga nakalalip ay dapat ipadala nang hiwalay sa pamamagitan ng regular na koreo) sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng isang pinapanatili at sinusubaybayang email address ng OSE. Eksklusibong gagamitin ang email address para sa pagsusumite ng mga kahilingan at hindi gagamitin para makipag-ugnayan sa mga partido o sa kanilang mga kinatawan. Ang mga nakumpletong petisyon ay dapat na i-save bilang Adobe PDF na mga dokumento at isumite bilang isang kalakip sa isang email na ipinadala sa: osepdisputeresolution@doe.nj.gov.

Ang Adobe Acrobat Reader ay isang document reader software na makukuha para sa [libreng pag-download](#). Pakitandaan na ang mga kahilingan para sa pagpapatupad ng isang kasunduan sa pamamagitan o pagpapatupad ng isang pinakahuling desisyon na inisyu ng Opisina ng Batas ng Administratibo ay HINDI tatanggapin sa pamamagitan ng elektronikong koreo at dapat na ikoreo o i-fax sa OSE upang matanggap at maproseso.

Maaari ba akong magdala ng isang tagapagtaguyod o abogado sa kumperensya ng pamamagitan?

Maaari kang magsama ng isang tagapagtaguyod at/o abogado upang tulungan ka sa kumperensya ng pamamagitan. Ang distrito ng paaralan ay maaari ring magdala ng isang abogado sa kumperensya ng pamamagitan kahit na hindi mo gawin.

Ano ang mangyayari sa aking anak sa panahon ng pamamagitan?

Mula sa oras na matanggap ang isang wastong kahilingan para sa pamamagitan hanggang sa makumpleto ang pamamagitan, ang pag-uuri ng iyong anak, programa o pagkakalagay ay hindi mababago maliban kung sumasang-ayon ka sa paaralan na gawin ang pagbabago o lumilitaw na kaluwagan (tingnan ang pahina 20) ay hinihiling mo o ng distrito at ipinagkaloob ng isang ALJ.

Ano ang mangyayari kung ang isang kasunduan ay naabot? Kung ang isang kasunduan ay hindi naabot?

Kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay umabot sa isang kasunduan, ito ay isusulat ng tagapamagitan at pipirmahan mo at ng distrito ng paaralan. Kung ang mga talakayan sa panahon ng pamamagitan ay hindi magreresulta sa isang nakasulat na kasunduan, ang petsa lamang at ang mga pangalan ng mga tao sa pamamagitan ang itatala. Ang mga talakayan sa pamamagitan ay kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensya sa isang pagdinig. Ang mga kumperensya ng pamamagitan ay hindi maaaring i-tape record.

Ano ang mangyayari kung ang mga partido ay nangangailangan ng mas maraming oras upang makumpleto ang pamamagitan?

Kung ang parehong partido ay sumang-ayon na mas maraming oras ang kailangan para makakuha ng karagdagang impormasyon o tuklasin ang mga opsyon, maaaring pahabahin ng tagapamagitan at mga partido ang pamamagitan para sa isang naaangkop na yugto ng panahon.

Ano ang mangyayari kung ang distrito ng paaralan ay mabibigo na sumunod sa isang kasunduan ng pamamagitan?

Kung naniniwala ka na hindi ipinatupad ng distrito ng paaralan ang kasunduan ng pamamagitan gaya ng nakasulat, maaari kang humiling ng pagpapatupad ng kasunduan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng naaangkop na form at pagsusumite nito sa Direktor ng Opisina ng Espesyal na Edukasyon sa address na nakalista sa itaas o sa pamamagitan ng paghingi ng pagpapatupad sa korte. Ang isang form na maaaring gamitin upang humiling ng pagpapatupad ng kasunduan sa pamamagitan ay nakalalagay sa dulo ng librong ito.

Ano ang maaaring mangyari kung ayaw kong mamagitan?

Ang pamamagitan ay boluntaryo at hindi maaaring gamitin upang i-antala o tanggihan ang iyong karapatan sa isang angkop na proseso ng pagdinig. Gayunpaman, ang distrito ng paaralan ay maaaring magtatag ng mga pamamaraan na nangangailangan sa iyo na makipag-usap sa isang tagapamagitan ng estado upang talakayin ang mga benepisyo ng pamamagitan, kung pipiliin mong hindi gamitin ang proseso ng pamamagitan.

ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

Ano ang angkop na proseso ng pagdinig?

Ang angkop na proseso ng pagdinig ay isang legal na proseso kung saan ang paglutas ng hindi pagkakasundo sa pagitan mo at ng distrito ng paaralan ay pagpapasya ng isang huwes ng batas ng administratibo (administrative law judge, ALJ) mula sa Opisina ng Batas ng Administratibo (Office of Administrative Law, OAL).

Sino ang maaaring humingi ng angkop na proseso ng pagdinig?

Alinman sa ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring humiling ng walang kinikilingan na angkop na proseso ng pagdinig kung mayroong hindi pagkakasundo sa pagkakakilanlan, pagsusuri, programa, paglalagay o pagbibigay ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon sa iyong anak.

Paano ako makakahiling ng angkop na proseso ng pagdinig?

Maaari kang magsumite ng nakasulat na kahilingan sa:	Ang kahilingan para sa Angkop na Proseso ay dapat:
<p>Director Office of Special Education New Jersey Department of Education P.O. Box 500 Trenton, New Jersey 08625-0500</p> <p>O maaari mong i-email ang iyong kahilingan sa: osepdisputeresolution@doe.nj.gov</p>	<p>Ibigay ang pangalan at edad ng bata; Ibigay ang address ng bata; Tukuyin ang paaralang pinapasukan ng bata; Ilarawan ang problema at mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; Magmungkahi ng solusyon sa problema; at Ipakita na ang isang kopya ng kahilingan ay ipinadala sa distrito ng paaralan.</p> <p>Sa kaso ng isang batang walang tirahan, magagamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bata at ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata.</p>

Ang isang form na maaaring gamitin upang humiling ng angkop na proseso ng pagdinig ay nakalalagay sa dulo ng librong ito. Ang pagkabisang ibigay ang impormasyong nakalista sa itaas ay maaaring magresulta sa: (1) pagbabalewala sa iyong kahilingan dahil hindi ito sapat, (2) pagkaantala sa mga paglilitis, o (3) pagbabawas ng paggawad ng anumang bayad sa abogado kung saan maaari kang may karapatan kung nanalo ka sa iyong kaso. Pakitandaan na ang paggamit ng modelong form ay hindi kinakailangan; gayunpaman, ang pagbibigay ng impormasyon ng hiniling ay makakatulong sa pagpapabilis ng iyong kahilingan.

Maaari bang maghain ang isang magulang ng kahilingan para sa angkop na proseso sa pamamagitan sa elektronikong koreo o iba pang mga elektronikong pagsusumite?

Ang OSE ay tumatanggap ng mga kahilingan para sa pamamagitan, isang angkop na proseso ng pagdinig, agaran na kaluwagan (kahilingan lamang; ang mga nakalakip ay dapat ipadala nang hiwalay sa pamamagitan ng regular na koreo) sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng isang pinapanatili at sinusubaybayang email address ng OSE. Eksklusibong gagamitin ang email address para sa pagsusumite ng mga kahilingan at hindi gagamitin para makipag-ugnayan sa mga partido o sa kanilang mga kinatawan. Ang mga nakumpletong petisyon ay dapat na i-save bilang Adobe PDF na mga dokumento at isumite bilang isang kalakip sa isang email na ipinadala sa: osepdisputeresolution@doe.nj.gov.

Ang Adobe Acrobat Reader ay isang document reader software na available para sa [libreng pag-download](#). Pakitandaan na ang mga kahilingan para sa pagpapatupad ng isang kasunduan sa pamamagitan o pagpapatupad ng isang pinakahuling desisyon na inisyu ng Opisina ng Batas ng Administratibo ay **HINDI** tatanggapin sa pamamagitan ng elektronikong koreo at dapat ipadala o i-fax sa OSE upang matanggap at maproseso.

Maaari ba akong humiling ng pamamagitan at isang angkop na proseso ng pagdinig sa parehong oras?

Oo. Alinman sa ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring humiling ng pamamagitan bilang bahagi ng isang kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig.

Kailan ko dapat ihain ang aking kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig?

Dapat mong ihain ang iyong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig sa loob ng dalawang taon mula sa petsa na nalaman mo o dapat na alam mo ang aksyon ng distrito ng paaralan na iyong hinahamon. Ang yugto ng panahon ay dadagdagan lamang kung ipapakita mo sa isang ALJ na pinaniwalaan ka ng distrito ng paaralan na ang usapin ay nalutas sa iyong kasiyahan, o kung ang distrito ng paaralan ay nagtago ng impormasyon mula sa iyo na kinakailangan ng batas na ibigay sa iyo.

Ano ang mangyayari kapag humiling ako ng angkop na proseso ng pagdinig?

Sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig, ikaw at ang distrito ng paaralan (ang mga partido) ay dapat lumahok sa isang pagpupulong ng resolusyon na inayos at isinasagawa ng distrito. Sa halip ng pagpupulong ng resolusyon, ang mga partido ay maaaring sumang-ayon sa pamamagitan na isinasagawa ng OSE, o ang mga partido ay maaaring sumang-ayon sa sulat na talikdan ang pagpupulong ng resolusyon. Kung ang mga partido ay nakikilahok sa isang pagpupulong ng resolusyon, aayusin ng distrito ang pagpupulong na ito. Kung ang mga partido ay sumang-ayon sa pamamagitan, ang isang kinatawan mula sa distrito ay dapat makipag-ugnayan sa OSE upang mapadali ang pag-iskedyul ng kumperensya ng pamamagitan, kung saan ang mga kawani ng OSE ay kukuha ng mga magagamit na mga petsa mula sa mga partido at ayusin ang kumperensya ng pamamagitan. Ang panahon ng paglutas, kung saan gaganapin ang isang pagpupulong ng resolusyon o pamamagitan, ay tumatagal ng 30 araw, pagkatapos nito ay maaaring ipadala ang usapin sa OAL para sa isang angkop na proseso ng pagdinig kung ang mga partido ay hindi nalutas ang hindi pagkakaunawaan.

Bilang karagdagan sa pakikilahok sa pamamagitan o pagpupulong ng resolusyon, ang distrito ng paaralan ay dapat maghain ng kinakailangang tugon sa iyong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan.

Ano ang mangyayari kung mabigo ang distrito ng paaralan na iiskedyul ang pagpupulong ng resolusyon sa loob ng 15 araw?

Kung ang distrito ng paaralan ay hindi nag-iskedyul ng pagpupulong ng resolusyon sa loob ng kinakailangang talaan ng oras at ikaw at ang distrito ng paaralan ay hindi nakikilahok sa pamamagitan at hindi tinalikdan ang pagpupulong ng resolusyon, maaari kang maghain ng kahilingan sa OSE sa address na nakalista sa itaas upang hilingin sa isang ALJ na iiskedyul ang iyong kaso para sa isang angkop na proseso ng pagdinig at simulan ang 45-araw na talaan ng oras. Ang ALJ ang magpapasya kung ang distrito ng paaralan ay may magandang dahilan para hindi mag-iskedyul ng isang pagpupulong ng resolusyon. Kung matukoy ng ALJ na ang distrito ng paaralan ay walang magandang dahilan sa hindi pag-iskedyul ng pagpupulong ng resolusyon, maaaring iutos ng ALJ na magsimula ng angkop na proseso ng pagdinig. Kung ang ALJ ay nagpasiya na ang distrito ng paaralan ay may magandang dahilan para sa hindi pag-iskedyul ng pagpupulong ng resolusyon, ang ALJ ay maaaring mag-utos na ang pagpupulong ng resolusyon o isang kumperensya ng pamamagitan ay gaganapin sa loob ng isang tiyak na yugto ng panahon bago ang kaso ay pumunta sa isang angkop na proseso ng pagdinig.

Ano ang mangyayari kung pipiliin kong hindi dumalo, o nabigo akong dumalo, sa pagpupulong ng resolusyon kasama ang distrito ng paaralan?

Kung nabigo kang dumalo sa isang pagpupulong ng resolusyon kasama ang distrito ng paaralan at ikaw at ang distrito ng paaralan ay hindi nakikilahok sa pamamagitan at hindi tinalikdan ang pagpupulong ng resolusyon, ang distrito ng paaralan ay maaaring maghain ng kahilingan upang ang iyong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig ay ipawalang-bisa ng isang ALJ. Kung matukoy ng ALJ na wala kang balidong dahilan para hindi dumalo sa pagpupulong ng resolusyon, maaaring ipawalang-bisa ng ALJ ang iyong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig. Kung matukoy ng ALJ na mayroon kang balidong dahilan sa hindi pagdalo sa pagpupulong ng resolusyon, maaaring iutos ng ALJ ang pagpupulong ng resolusyon o isang kumperensya ng pamamagitan na idaos sa loob ng isang tiyak na yugto ng panahon bago mapunta ang kaso sa isang angkop na proseso ng pagdinig.

Kung idespatsa ng ALJ ang iyong kaso, maaari kang maghain ng bagong kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig. Ang lahat ng mga kinakailangan para sa paglutas bago ang simula ng angkop na proseso ng pagdinig ay magsisimula muli.

Maaari bang hamunin ng distrito ng paaralan ang aking kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig?

Kung naniniwala ang distrito ng paaralan na nabigo kang matugunan ang mga kinakailangan para sa isang sapat na kahilingan na nakalista sa pahina 17, maaari nitong hamunin ang kasapatan ng iyong petisyon. Kung sumang-ayon ang isang ALJ na hindi sapat ang iyong petisyon, maaaring pahintulutan ka ng ALJ na baguhin ang iyong kahilingan o idespatsa ang kahilingan. Kung pinahihintulutan ang pagbabago, dapat mong baguhin ang iyong petisyon ayon sa direksyon ng ALJ. Kung ang kahilingan ay nadespatsa, maaari mong itama ang mga pagkukulang at maghain ng bagong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig.

Maaari ko bang baguhin ang aking kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig pagkatapos itong naisampa sa OSE?

Oo. Gayunpaman, maaari mong baguhin ang iyong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig sa pamamagitan lamang ng pahintulot ng distrito ng paaralan o kung humiling ka at tumanggap ng pahintulot mula sa pagdinig ng ALJ sa iyong kaso. Kung hindi ka nakatanggap ng pahintulot mula sa distrito ng paaralan o isang ALJ, ang iyong kahilingan ay hindi maaaring baguhin.

Ano ang mangyayari kung ang distrito ng paaralan ay humiling ng angkop na proseso ng pagdinig?

Kung ang iyong distrito ng paaralan ay humiling ng angkop na proseso ng pagdinig na may kinalaman sa isang isyu tungkol sa iyong anak, ikaw at ang distrito ng paaralan ay maaaring magkasundo na mamagitan sa hindi pagkakasundo. Kung gayon, ang usapin ay iiskedyul para sa pamamagitan at ang kumperensya sa pamamagitan ay gaganapin bago ipadala ang kaso sa OAL para sa isang angkop na proseso ng pagdinig (kung ang usapin ay hindi nalutas sa kumperensya sa pamamagitan). Kung ikaw o ang distrito ng paaralan ay hindi nais na mamagitan sa usapin, ito ay agad na ipapadala para sa isang angkop na proseso ng pagdinig, dahil walang kinakailangan para sa isang panahon ng paglutas dahil mayroong isang kahilingan ng isang magulang para sa isang angkop na proseso ng pagdinig.

Gaano katagal bago mapagpasyahan ang kaso?

Matapos maganap ang mga aktibidad sa pagresolba at mailipat ang kaso sa OAL, dapat makumpleto ang angkop na proseso ng pagdinig, at isang kopya ng desisyon ay kinoreo sa iyo at sa distrito ng paaralan sa loob ng 45 araw, maliban kung ang mga partikular na pagpapahaba ng oras ay ipinagkaloob ng ALJ.

Kung hindi ako sumasang-ayon sa isang pagpapasiya ng pangkat ng IEP ng aking anak na baguhin ang kanyang katayuan sa pagiging karapat-dapat, pag-uuri, programa o pagkakatagay, at maghain ako ng kahilingan para sa pamamagitan at/o isang angkop na proseso ng pagdinig, ano ang mangyayari sa aking anak habang ang kaso ay pinagdesisyonan?

Kung ihain mo ang iyong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig pagkatapos matanggap ang nakasulat na abiso mula sa distrito, ang iminungkahing aksyon ay hindi maaaring mangyari at walang mga pagbabagong maaaring gawin sa pag-uuri, programa o pagkakatagay ng iyong anak. Ang iyong anak ay mananatili sa kanyang kasalukuyang pagkakatagay hanggang sa ang iyong pamamagitan at/o angkop na proseso ng pagdinig ay malutas alinman sa pamamagitan ng kasunduan ng mga partido, pagbawi ng kahilingan mo, o pagpapalabas ng isang pinakahuling desisyon ng ALJ.

Kung ang iyong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig ay nagsasangkot ng isa o higit pang mga isyu tungkol sa kasalukuyang edukasyonal na paglalagay ng iyong anak para sa mga layunin ng "manatili sa lugar," angkop para sa isang ALJ na gumawa ng paunang pagpapasiya tungkol sa paglalagay habang nakabinbin ang pinakahuling desisyon sa isang angkop na proseso ng pagdinig.

Ano ang mangyayari kung ang distrito ng paaralan ay hindi sumunod sa desisyon ng isang ALJ sa isang angkop na proseso ng pagdinig?

May karapatan kang pumunta sa korte upang humingi ng utos na sumunod ang distrito ng paaralan sa desisyon ng ALJ, o maaari kang magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Direktor ng OSE sa address na nakalista sa itaas at humingi ng pagpapatupad ng desisyon ng ALJ. Dapat mong gawin ang iyong kahilingan sa loob ng 90 araw kung kailan dapat kumpletuhin ng distrito ng paaralan ang aksyon na iyong iginiit na hindi nangyari, at ang iyong kahilingan ay dapat magsama ng kopya ng desisyon ng Opisina ng Batas ng Administratibo. Ang distrito ng paaralan ay maaaring tumugon sa kahilingan at maghangad na lutasin ang hindi pagkakasundo sa iyo. Kung hindi nalutas ang usapin, tutukuyin ng OSE kung nabigo ang distrito ng paaralan na sumunod sa desisyon ng ALJ at, kung matukoy na hindi ito ginawa ng distrito ng paaralan, iutos ng OSE sa distrito ng paaralan na sumunod. Gayunpaman, kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon na baguhin ang desisyon ng ALJ pagkatapos na maibigay ito, hindi ka maaaring humingi ng pagpapatupad sa bahaging iyon ng desisyon ng ALJ na iyong binago. Ang isang form na maaaring gamitin upang humiling ng pagpapatupad ng angkop na proseso ng desisyon ay nakalakip sa dulo ng librong ito.

PINABILIS NA MGA ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

Ano ang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig?

Ang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig ay isang pagdinig sa harap ng isang ALJ tungkol sa mga usaping pandisiplina. Halimbawa, kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasiya ng pangkat ng IEP na ang pag-uugali ng iyong anak ay hindi isang pagpapakita ng kanyang kapansanan, maaari kang humiling ng pinabilis na pagdinig. Kung naniniwala ang distrito ng paaralan na mapanganib para sa iyong anak na manatili sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay at ikaw at ang distrito ay hindi maaaring sumang-ayon sa isang naaangkop na pagkakalagay, ang distrito ay dapat humiling ng pinabilis na pagdinig upang alisin ang iyong anak.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig at iba pang angkop na proseso ng pagdinig?

Ang isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig ay dapat isagawa sa loob ng 20 araw na may pasok mula sa kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig, at ang desisyon ng ALJ ay dapat na mailabas sa loob ng 10 araw na may pasok mula sa pagdinig. Bilang karagdagan, ang panahon ng paglutas para sa isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig ay 15 araw, at ang pagpupulong ng pamamagitan o paglutas ay dapat isagawa sa loob ng 7 araw mula sa kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig.

Mayroon bang pamamagitan bilang bahagi ng pinabilis na pagdinig?

Oo. Magagamit ang pamamagitan.

APLIKASYON PARA SA AGARANG KALUWAGAN

Ano ang agarang kaluwagan?

Ang agarang kaluwagan ay isang agarang (pansamantalang) desisyon sa isang isyu na nauugnay sa isang angkop na proseso ng pagdinig. Ang pansamantalang desisyon ay ginawa habang nakabinbin ang pinakahuling desisyon sa kaso. Ang isyu na napapailalim sa agarang kaluwagan ay dinidinig nang mabilis at walang pagkakataon para sa pamamagitan o pagpupulong ng resolusyon.

Anong mga isyu ang itinuturing na "agaran"?

Ang isang kahilingan para sa agarang kaluwagan ay maaaring gawin para sa mga sumusunod na isyu:

- Mga isyung kinasasangkutan ng pahinga sa paghahatid ng mga serbisyo (hal. hindi pagbibigay ng isang tagaturo sa bahay o pagbabago sa, o hindi pagbibigay, ng mga pinahabang serbisyo sa taon ng paaralan);
- Mga isyung kinasasangkutan ng aksyong pandisiplina, kabilang ang mga pagpapasiya sa pagpapakita at mga pagpapasiya ng pansamantalang alternatibong mga kapaligiran ng edukasyon;
- Mga isyu tungkol sa paglalagay habang nakabinbin ang resulta ng mga angkop na proseso sa pagdinig; at
- Mga isyung kinasasangkutan ng pagtatapos sa paaralan o pakikilahok sa mga seremonya ng pagtatapos.

Paano napagpasiyahan ang agarang kaluwagan?

Maaaring ibigay ang agarang kaluwagan kung matukoy ng ALJ na:

- Ang nagpepetisyon ay makakaranas ng hindi na mapananauli na pinsala kung ang hinihiling na kaluwagan ay hindi ipagkakaloob;
- Ang legal na karapatan na pinagbabatayan ng paghahabol ng nagpepetisyon ay naayos na;
- Ang nagpepetisyon ay may posibilidad na manaig sa mga merito ng pinagbabatayan na paghahabol; at
- Kapag ang pagkakapantay-pantay at mga interes ng mga partido ay balanse, ang nagpepetisyon ay daranas ng mas malaking pinsala kaysa sa tumutugon kung ang hinihiling na lunas ay hindi ipagkakaloob.

Paano ako hihiling ng agarang kaluwagan?

Bilang karagdagan sa impormasyong kinakailangan para sa paghiling ng angkop na proseso ng pagdinig o isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig, ang mga kahilingan para sa agarang kaluwagan ay dapat suportahan ng isang pinirmahang sertipikasyon na tumutukoy sa dahilan ng kahilingan. Ang isang blangkong sertipikasyon ay kasama sa librong ito. Dapat kang magbigay ng kopya ng kahilingan sa distrito ng paaralan at dapat tandaan ng kahilingan na ibinigay mo ito sa distrito ng paaralan. Ang orihinal na kopya ng kahilingan ay dapat ibigay sa OSE kahit na ang kahilingan ay pauna nang na-fax o na-email sa opisina.

Maaari bang maghain ang isang magulang ng kahilingan para sa agarang kaluwagan sa pamamagitan ng elektronikong koreo o iba pang elektronikong pagsusumite?

Oo, tatanggapin ng OSE ang isang kahilingan para sa agarang kaluwagan (petisyon lamang; ang mga kalakip ay dapat ipadala nang hiwalay sa pamamagitan ng regular na koreo) sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng isang email address na pinapanatili at sinusubaybayan ng OSE. Eksklusibong gagamitin ang address ng koreo para sa pagsusumite ng mga kahilingan at hindi gagamitin para makipag-ugnayan sa mga partido o sa kanilang mga kinatawan. Ang mga nakumpletong petisyon ay dapat na i-save bilang Adobe PDF na mga dokumento at isumite bilang isang kalakip sa isang email na ipinadala sa: osepdisputeresolution@doe.nj.gov. Ang Adobe Acrobat Reader ay isang document reader software na available para sa [libreng pag-download](#).

Ano ang mangyayari kung kailangan kong humiling ng agarang kaluwagan pagkatapos maipadala ang aking kaso para sa isang angkop na proseso ng pagdinig?

Kung kailangan mong humiling ng agarang kautusan pagkatapos ipadala ang iyong kaso sa Opisina ng Batas sa Administratibo para sa isang angkop na proseso ng pagdinig, maaari mong ihain ang iyong kahilingan sa ALJ na nakatalagang pakinggan ang iyong kaso sa angkop na proseso. Pagkatapos ay susuriin ng ALJ ang iyong kahilingan, pakinggan ang mga argumento mula sa iyo at sa distrito ng paaralan, at maglalabas ng desisyon na may kinalaman sa iyong kahilingan para sa agarang kaluwagan.

MGA KARAPATAN SA ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

Ang mga sumusunod ay mga karapatan sa angkop na proseso para sa parehong partido:

- Ang magulang ay may karapatang payuhan at samahan sa angkop na proseso ng pagdinig ng legal na tagapayo at ng mga indibidwal na may espesyal na kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga batang may kapansanan. Ang distrito ay dapat na kinakatawan ng legal na tagapayo;

- Maaaring magpakita ng ebidensya ang alinmang partido, kakailangan ang pagdalo ng mga saksi at pag-usisa sa mga saksi;
- Maaaring hilingin ng alinmang partido sa ALJ na ihinto ang pagpapakilala ng anumang ebidensiya, kabilang ang anumang mga pagsusuri o mga rekomendasyon batay sa mga pagsusuring iyon, na hindi pa ipinagpalit nang hindi bababa sa limang araw bago ang isang angkop na proseso ng pagdinig o hindi bababa sa dalawang araw bago ang isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig; at
- Maaaring makakuha ng nakasulat o elektronikong rekord ng bawat letra ng pagdinig ng alinmang partido. May karapatan ka, sa iyong pagpipilian, sa isang nakasulat o elektronikong rekord ng bawat salita ng pagdinig at ang mga natuklasan sa katotohanan at desisyon. Ang mga naitalang natuklasan sa katotohanan at desisyon ay ibibigay sa iyo na magulang, nang libre.

May karapatan kang:

- Humingi at tumanggap, mula sa iyong distrito ng paaralan, ng isang listahan ng anumang libre o murang legal at iba pang adbokasiya na mga serbisyo na magagamit. Ipapadala sa iyo ng OSE ang listahang ito kapag humingi ka ng angkop na proseso ng pagdinig;
- Tingnan ang listahan ng mga ALJ at ang kanilang mga kwalipikasyon na pinananatili ng OAL;
- Gawing bukas ang pagdinig sa publiko;
- Ipadalo ang iyong anak sa pagdinig;
- Magkaroon ng isang tagasalin-wika, kung kinakailangan, nang libre; at
- Isagawa ang pagdinig sa isang oras at lugar na makatwirang maginhawa para sa iyo.

Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan na lampas sa edad na 21 taong gulang at tumatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon ay may karapatang humiling ng pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig upang malutas ang isang hindi pagkakaunawaan tungkol sa pagkakakilanlan, pagsusuri, paglalagay o pagkakaloob ng isang libre, naaangkop na pampublikong edukasyon.

Ang mga kopya ng mga angkop na proseso ng desisyon ay ibinibigay sa State Special Education Advisory Council (SSEAC) at magagamit ng publiko pagkatapos na inalis ang personal na pagkakakilanlan ng impormasyon.

Mga Hukom ng Batas sa Administratibo

- Ang mga pagdinig ay hindi maaaring isagawa ng isang taong nagtatrabaho sa anumang pampublikong ahensyang kasangkot sa edukasyon o pangangalaga ng iyong anak o kung hindi man ay may personal o propesyonal na salungatan ng interes. Sa New Jersey, ang pagdinig ay palaging isinasagawa ng isang hukom ng batas na pang-administratibo mula sa Opisina ng Batas sa Administratibo. Ang isang ALJ ay hindi itinuturing na empleyado ng isang pampublikong ahensyang kasangkot sa edukasyon o pangangalaga ng iyong anak dahil siya ay binabayaran lamang upang magsagawa ng angkop na proseso ng pagdinig.
- Ang desisyon na ginawa ng isang ALJ ay pinakahuli at dapat na sundin mo at ng distrito ng paaralan maliban kung ang alinmang partido ay mag-apela ng desisyon sa isang estado o pederal na korte sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng desisyon.

Maaari ko bang i-apela ang desisyon ng Huwes ng Batas sa Administratibo sa isang angkop na proseso ng pagdinig kung hindi ako sumasang-ayon dito?

Oo. Ang desisyon ng ALJ sa isang angkop na proseso ng pagdinig ay pinakahuli at maaari lamang suriin at baguhin ng Korte ng Distrito ng Estados Unidos o ng Superior Court ng New Jersey alinsunod sa mga tuntunin ng bawat korte para sa pagsasampa ng kaso sa kanila. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng ALJ sa iyong angkop na proseso ng kaso, maaari kang mag-apela sa alinman sa mga korte na ito sa loob ng 90 MGA ARAW NG KALENDARYO mula sa petsa na ang desisyon ay ibinigay ng ALJ. Sa isang apela, susuriin ng korte ang rekord ng angkop na proseso ng pagdinig na ibinigay mo at ng distrito ng paaralan at pakinggan ang karagdagang ebidensya sa kahilingan mo o ng distrito ng paaralan. Ang korte ay maglalabas ng isang desisyon batay sa isang kahalagahan ng ebidensya.

MGA BAYAD SA ABOGADO

Paano ko mababawi ang mga bayad sa abogado?

Maaari kang humiling ng utos mula sa alinman sa isang estado o pederal na korte na igawad ang mga makatwirang bayad sa abogado at mga gastos sa loob ng mga limitasyon ng batas kung ikaw ay mananaig sa iyong angkop na proseso ng pagdinig.

Maaari bang tanggihan o bawasan ang mga bayad sa abogado?

Maaaring bawasan ng hukom ang paggawad ng mga bayad sa abogado kung isasaalang-alang ang kahilingan batay sa naaangkop na mga pamantayan para sa pagbibigay ng mga bayarin, kabilang ang, kung sa panahon ng paglilitis ay hindi mo makatwirang naantala ang pag-aayos o desisyon sa kaso, ang oras na ginugol at mga serbisyong ibinigay ay sobra-sobra o ang mga bayarin sisingilin ng iyong abogado ay lumampas sa mga makatwirang halaga.

Maaari bang humiling ang distrito ng paaralan ng mga bayad sa abogado?

Oo. Ang isang distrito ng paaralan ay maaaring humiling ng mga bayad sa abogado kung ang distrito ng paaralan ay mananaig sa angkop na prosesong kaso na iyong isinampa. Kung matukoy ng hukom ng korte ng estado o pederal na ang kaso sa angkop na proseso ay walang kabuluhan, hindi makatwiran o walang pundasyon, o, iniharap para sa anumang hindi tamang layunin, maaaring iutos ng hukom sa iyong abogado na bayaran ang mga bayad sa abogado ng distrito ng paaralan. Kung wala kang abogado at natukoy ng estado o pederal na hukom na ang iyong kaso sa angkop na proseso ay iniharap para sa anumang hindi tamang layunin, tulad ng panggigipit, sanhi ng hindi kinakailangang pagkaantala o upang hindi kailangang dagdagan ang halaga ng paglilitis, maaaring iutos sa iyo ng hukom na bayaran mo ang mga bayarin sa abogado ng distrito ng paaralan.

RESOLUSYON SA REKLAMO NG ESTADO

Ano ang reklamo ng Estado?

Ang reklamo ng Estado ay isang pamamaraan para sa paratang na ang isang pampubliko o pribadong ahensya ng edukasyon na nagbibigay ng mga programa at mga serbisyong pang-edukasyon na pinondohan ng publiko sa mga mag-aaral na may mga kapansanan, kabilang ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado, ay lumabag sa pederal o pang-estado na batas sa espesyal na edukasyon. Ang isang reklamo ng estado, tulad ng ipinahihwatig ng pangalan nito, ay isinampa sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estado, at humiling ng isang independiyenteng pagsisiyasat ng Kagawaran ng sinasabing (mga) paglabag.

Ano ang ilang pagkakaiba sa pagitan ng isang reklamo ng Estado at isang kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig?

Sa pagpapasya kung maghain ng reklamo ang Estado o isang kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig, dapat malaman ng isang magulang ang mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pamamaraan. Ang mga pagkakaibang ito ay tinalakay sa isang hiwalay na publikasyon, na may pamagat na Paghahambing ng mga Nakasulat na Reklamo ng Estado at Mga Kahilingan para sa Angkop na Proseso ng mga Pagdinig, na makukuha sa

[https://www.nj.gov/education/specialed/policy/disputeresolution/Files%20\(docs%20and%20images\)/ComparisonofStateComplaintvsRequestforDueProcess.pdf](https://www.nj.gov/education/specialed/policy/disputeresolution/Files%20(docs%20and%20images)/ComparisonofStateComplaintvsRequestforDueProcess.pdf). Ang ilang mahahalagang pagkakaiba ay ang mga sumusunod:

- 1) ang isang reklamo ng Estado ay nangangailangan na ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado na mag-imbetiga sa mga alegasyon ng isang magulang habang ang angkop na proseso ng pagdinig ay isang pormal, adversarial na proseso sa harap ng isang Huwes ng Batas sa Administratibo, na kadalasang nangangailangan kumuha ng mga ekspertong saksi;
- 2) ang isang reklamo ng Estado ay dapat na ihain sa loob ng isang taon mula sa alegasyong paglabag habang ang isang angkop na proseso na petisyon ay dapat na isampa sa loob ng dalawang taon mula sa petsa nang nalaman o dapat na nalaman ng magulang ang alegasyon na paglabag;
- 3) ang isang reklamo ng Estado ay maaaring ihain ng sinuman habang ang isang angkop na proseso na petisyon ay maaari lamang ihain ng isang magulang, tagapag-alaga o nasa hustong gulang na mag-aaral (o, sa ilang partikular na pagkakataon, isang lokal na ahensya ng edukasyon);
- 4) ang isang reklamo ng Estado ay maaaring may kinalaman sa mga sistematikong paglabag na nakakaapekto sa isang indibidwal na mag-aaral at/o isang grupo ng mga mag-aaral habang ang isang sa angkop na proseso na petisyon ay karaniwang nauukol sa isang indibidwal na mag-aaral.

RESOLUSYON SA REKLAMO NG ESTADO

Sino ang maaaring magsampa ng reklamo ng Estado?

Sinuman, kabilang ang isang organisasyon o indibidwal mula sa ibang estado, ay maaaring humiling ng pagsisiyasat sa reklamo ng Estado.

Paano maisasampa ang isang kahilingan para sa pagsisiyasat sa reklamo ng Estado?



Sa pamamagitan ng Email:

specialeducationcomplaints@doe.nj.gov



Sa pamamagitan ng Koreo:

Director

Office of Special Education

New Jersey Department of Education

P.O. Box 500

Trenton, New Jersey 08625-0500



Sa pamamagitan ng Fax: (609) 984-8422

Mayroon bang limitasyon sa oras para sa paghahain ng reklamo ng Estado?

Oo. Ang mga limitasyon sa oras para sa paghahain ng reklamo ng Estado ay naitatag upang ang mga isyu ay hindi masyadong luma para makarating sa isang naaangkop na resolusyon. Ang nagrereklamo ay dapat magpahayag ng isang alegasyon sa paglabag na nangyari hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa na natanggap ng Opisina ng Espesyal na Edukasyon (OSE) ang reklamo.

Anong mga isyu ang maaaring matugunan sa isang reklamo ng Estado?

Maaaring tugunan ng isang reklamo ng Estado ang anumang isyu na alegasyon ng paglabag sa mga batas o regulasyon ng espesyal na edukasyon ng pederal o estado. Kabilang sa mga naturang isyu ang kabiguan ng isang ahensyang pang-edukasyon na magbigay sa isang indibidwal na bata o isang grupo ng mga bata ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) o sa FAPE sa pinakamababa ang paghihigpit na kapaligiran, ibigay ang lahat ng mga serbisyong kinakailangan ng programa ng indibidwal na edukasyon (IEP) ng isa o higit pang mga mag-aaral, matugunan ang mga obligasyon sa paghahanap ng anak nito, o naaangkop na suriin ang (mga) mag-aaral o tukuyin ang pagiging karapat-dapat. Bagama't maaaring tukuyin ng mga reklamo ng Estado kung sinunod ng isang ahensya ng edukasyon ang mga kinakailangang pamamaraan -tulad ng pagdaraos ng mga taunang pagpupulong ng IEP kasama ang mga tamang kalahok - tinutugunan din ng mga reklamo ng Estado ang mga mahahalagang isyu kabilang ang kung ang binuo ng IEP at/o ang iminungkahing paglalagay na pinili ay naaayon sa mga kinakailangan ng IDEA sa naturang kakayahan at pangangailangan ng indibidwal na bata. Sa pagpapasya sa mga naturang isyu, kumukuha ang mga imbestigador ng reklamo ng datos sa pag-unlad ng mag-aaral at tinutukoy kung ang mga desisyon ng pangkat ng IEP tungkol sa programa o serbisyong pang-edukasyon ng bata ay makatwirang suportado ng datos na partikular sa bata. Alinsunod sa 20 U.S.C. §1412(a)(14)(E), ang isang magulang ay maaari ding maghain ng reklamo ng Estado tungkol sa mga kwalipikasyon ng kawani.

Maaari bang magsampa ng reklamo ng Estado na nagpapatang na ang isang ahensya ng edukasyon ay nabigo na magpatupad ng isang desisyon ng angkop na proseso ng pagdinig?

Oo, ang isang reklamo ng Estado na nagsasaad na ang isang ahensya ng edukasyon ay nabigo na magpatupad ng isang desisyon ng angkop na proseso ng pagdinig ay dapat lutasin ng OSE sa ilalim ng parehong mga pamamaraan na naaangkop sa lahat ng iba pang mga reklamo ng Estado. Ang reklamo ng Estado ay dapat na ihain sa loob ng isang taon ng petsa kung kailan ang aksyon na iniutos na desisyon ng angkop na proseso ng pagdinig ay kinakailangan na maganap.

Kung higit sa isang aksyon ang iniutos, maaaring magsampa ng hiwalay na reklamo ng Estado para sa bawat aksyon na nabigong mangyari, hangga't ang bawat reklamo ay natanggap ng OSE sa loob ng isang taon ng petsa na ang bawat naturang aksyon ay kinakailangan na maganap.

Paano nalulutas ang isang Reklamo ng Estado?

- 1) Ito ay pinakakanais-nais para sa potensyal na nagrereklamo at ang ahensya ng edukasyon na magtulungan upang magkaroon ng pag-unawa sa mga alalahanin ng isa't isa at isang kasunduan para sa pinakamahusay na interes ng mag-aaral na may kapansanan bago ito maging kinakailangan upang maghain ng isang pormal na reklamo.
- 2) Kung ang isang pormal na reklamo ay isinampa sa OSE, sampung araw na panahon ay pinapayagan para sa mga partido na lutasin ang mga isyu sa reklamo bago magsimula ang isang imbestigasyon. Ang sampung araw na yugtong ito ay tinutukoy bilang isang pagkakataon para sa Maagang Resolusyon. Ang isang pinirmahang pahayag ng resolusyon ay isinusumite sa OSE upang ipakita na ang usapin ay nalutas. Ang pamamagitan ay magagamit din nang libre sa mga partido.
- 3) Sa panahon ng imbestigasyon, ang OSE ay maaaring magsagawa ng mga panayam, repasuhin ang dokumentasyong isinumite ng mga partido, repasuhin ang mga patakaran, mga pamamaraan, at (mga) rekord ng mag-aaral, at magsagawa ng imbestigasyon sa lugar kabilang ang pag-observerba sa mga programa, kung kinakailangan, upang maabot ang isang independiyenteng pagpapasiya kung ang ahensya ng edukasyon ay lumalabag sa isang batas o regulasyon sa espesyal na edukasyon. Kung ang reklamo ng Estado ay isinampa laban sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estado, maaaring gumamit ang OSE ng panlabas na partido upang magsagawa ng imbestigasyon at mag-isyu ng ulat.
- 4) Maliban kung ang isang reklamo ay nalutas sa pamamagitan ng maagang proseso ng pagresolba, ang isang ulat ay ibibigay, na kinabibilangan ng mga katotohanang natuklasan tungkol sa bawat alegasyon na naaangkop na paksa ng isang reklamo ng Estado, mga konklusyon, mga dahilan para sa pinakahuling desisyon at anumang pagwawasto na dapat gawin ng ahensya ng edukasyon (kabilang ang mga talaorasan para sa pagpapatupad at pagkumpleto) upang ayusin ang isang paglabag. Maaaring kabilang sa pagwawasto ang pagbibigay ng mga serbisyong pambayad, pagbabayad ng pera, o iba pang tulong na naaangkop sa mga pangangailangan ng (mga) mag-aaral. Ang mga planong aksyon sa pagwawasto ay maaari ding magsama ng mga direktiba upang matiyak na ang paglabag ay hindi na mauulit.

RESOLUSYON SA REKLAMO NG ESTADO

Anong impormasyon ang dapat isama sa kahilingan sa pag-imbestiga ng reklamo ng Estado?

Dapat kasama sa isang reklamo ng Estado ang:

Isang pahayag na naganap ang isa o higit pang mga paglabag sa pederal o estadong mga batas o regulasyon ng espesyal na edukasyon.

Ang yugto ng panahon o mga petsa kung kailan nangyari ang bawat pinaghihinalaang paglabag.

Tandaan: Dapat kang magpahayag ng paglabag na naganap nang hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa na natanggap ng OSE ang reklamo.

Ang mga katotohanan kung saan nakabatay ang bawat pinaghihinalaang paglabag sa mga batas o regulasyon ng pederal o estado sa espesyal na edukasyon (hinihikayat kang magbigay ng mga kopya ng anumang dokumentasyon na sumusuporta sa iyong (mga) alegasyon). Kung sinasabi mong nabigo ang distrito na ipatupad ang isang partikular na IEP ng mag-aaral at may kopya ng IEP, mangyaring isama ang isang kopya ng buong IEP pati na rin ang anumang iba pang dokumentasyon na sumusuporta sa iyong mga paratang.

Pangalan, address, pirma at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng taong nagsampa ng reklamo.

Kung may alegasyon ng paglabag kaugnay ng isang partikular na bata o partikular na mga bata, dapat mo ring ibigay ang:

- Ang (mga) pangalan ng partikular na bata o mga bata at (mga) paaralan kung saan naganap ang (mga) pinaghihinalaang paglabag;
- Ang relasyon ng taong nagsampa ng reklamo sa partikular na (mga) mag-aaral;
- Isang paglalarawan sa kalikasan ng problema, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa problema;
- Isang pahayag kung paano mo gustong malutas ang problema, sa lawak na alam at magagamit mo sa oras ng paghain.

Sa kaso ng isang bata o kabataang walang tirahan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bata.

Kung nagpapatang ng paglabag na may kinalaman sa isang grupo ng mga bata, dapat mong tukuyin ang grupo ng mga mag-aaral na apektado ng di-umano'y paglabag at (mga) paaralan kung saan naganap ang (mga) alegasyon na paglabag. Halimbawa, maaari mong sabihin na ang ahensya ng edukasyon ay hindi magbibigay ng suporta sa klase para sa mga mag-aaral sa ika-3 baitang sa [pangalan ng paaralan] o ang mga mag-aaral na may mga kapansanan na pumapasok sa isang partikular na silid-aralan ng pangkalahatang edukasyon ay hindi tumatanggap ng suporta sa loob ng klase na kinakailangan ng kanilang mga IEP .

Ang isang modelong form na tutulong sa iyo sa paghain ng reklamo ay ibinibigay sa dulo ng librong ito.

Pakitandaan na ang paggamit ng modelong form ay hindi kinakailangan; gayunpaman, ang pagbibigay ng hiniling na impormasyon ay maaaring makatulong sa pagpapabilis ng iyong kahilingan.

Dapat bang magbigay ng kopya ng reklamo ng Estado sa ahensya ng edukasyon na responsable para sa programang pang-edukasyon ng (mga) mag-aaral?

Oo. Dapat kang magbigay ng kopya ng reklamo ng Estado sa ahensya ng edukasyon kung saan idinidirekta ang reklamo sa parehong oras na ihain mo ang reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng New Jersey.

Gaano katagal bago gumawa ng pagpapasiya sa isang reklamo ng Estado?

Ang batas at regulasyon ng pederal/estado ay nangangailangan na gumawa ng pagpapasiya sa isang reklamo sa loob ng 60 mga araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ng OSE ang nakasulat, napirmahang reklamo. Maaaring pahabahin ng Direktor ng OSE ang talaorasan para sa pagkumpleto ng imbestigasyon kung may mga pambihirang pangyayaring umiiral na may kinalaman sa isang partikular na reklamo o kung ang magulang at ahensya ng edukasyon ay sumang-ayon na mamagitan sa hindi pagkakaunawaan o makisali sa ibang paraan ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan. Sa kadahilanang ito, hinihiling sa mga partido na makipagtulungan upang malutas ang mga isyung tinukoy sa reklamo at/o magsumite kaagad ng kinakailangang dokumentasyon.

Ano ang mangyayari kung may mga lugar ng hindi pagsunod?

Kung ang ahensya ng edukasyon ay napatunayang hindi sumusunod, ang ulat na inisyu ng OSE ay magsasama, kung kinakailangan, ng teknikal na tulong at isang planong aksyon sa pagwawasto na binuo upang makamit ang pagsunod sa mga pederal at estadong batas at regulasyon.

Kung may natuklasan sa isang reklamo ng Estado na ang mga naaangkop na serbisyo ay hindi naibigay o ang isang IEP ay hindi ganap na ipinatupad o hindi nag-aalok ng FAPE, ano ang mga remedyo para sa indibidwal na mag-aaral o grupo ng mga mag-aaral?

Kung nakita ng OSE ang kabiguan sa pagbibigay ng mga naaangkop na serbisyo, dapat nitong tugunan ang kabiguan na ito sa pamamagitan ng mga remedyo para sa mga nakaraang paglabag tulad ng mga serbisyong pampasahod o pagbabayad ng pera pati na rin ang naaangkop na probisyon ng mga serbisyo sa hinaharap para sa lahat ng mga mag-aaral na may mga kapansanan.

Ano ang mangyayari kung ang isang reklamo ng Estado ay inihain sa parehong isyu na tinutugunan sa isang angkop na proseso ng pagdinig?

Kung ang isang reklamo ng Estado ay isinumite sa parehong isyu na tinutugunan sa isang angkop na proseso ng pagdinig, ang reklamo ng Estado ay dapat isantabi (ipagpaliban) hanggang sa pagtatapos ng angkop na proseso ng pagdinig. Kung ang reklamo ng Estado ay naglalaman ng maraming isyu, at isa o higit pa ang mga isyu na kasama sa isang angkop na proseso ng pagdinig, ang mga isyu sa reklamo ng Estado na tinutugunan ng angkop na proseso ng pagdinig ay dapat na isantabi hanggang sa pagtatapos ng angkop na proseso ng pagdinig. Gayunpaman, ang anumang isyu sa reklamo ng Estado na hindi bahagi ng angkop na proseso ng pagdinig ay dapat pa ring lutasin sa loob ng kinakailangang mga limitasyon sa panahon.

Kung nakapaghain na ako ng kahilingan para sa imbestigasyon sa reklamo ng Estado, maaari pa ba akong humiling ng angkop na proseso ng pagdinig?

Oo. Ang katotohanan na ang isang reklamo ng Estado na inihain ay hindi nililimitahan ang karapatang humiling ng angkop na proseso tungkol sa mga isyung iniharap sa reklamo ng Estado. Gayunpaman, kung ang isang reklamo ng Estado ay paksa din ng isang angkop na proseso ng pagdinig, ang OSE ay dapat magtabi ng anumang bahagi ng reklamo ng Estado na tinutugunan sa angkop na proseso ng pagdinig hanggang sa pagtatapos ng pagdinig.

Ano ang mangyayari kung ang isang reklamo ng Estado ay inihain sa isang isyu na napagpasyahan na sa isang angkop na proseso ng pagdinig?

Kung ang isang isyu ay iniharap sa isang reklamo ng Estado na dati nang napagpasyahan sa isang angkop na proseso ng pagdinig na kinasasangkutan ng parehong mga partido, ang desisyon sa pagdinig ay may bisa. Dapat ipaalam ng OSE sa indibidwal o organisasyong nagsusumite ng reklamo ng Estado na ang desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig ay may bisa. Samakatuwid, ang imbestigasyon sa reklamo ng Estado ay hindi maaaring isagawa.

Magkakaroon ba ako ng pagkakataong magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa reklamo ng Estado?

Oo. Ang nagrereklamo ay binibigyan ng pagkakataong magbigay ng karagdagang impormasyon, pasalita man o nakasulat, tungkol sa reklamo ng Estado.

RESOLUSYON SA REKLAMO NG ESTADO

Paano ako aabisuhan sa mga resulta ng imbestigasyon sa reklamo ng Estado?

Makakatanggap ka ng nakasulat na ulat ng mga natuklasang katotohanan, mga konklusyon, mga dahilan para sa desisyon at anumang kinakailangang mga aksyong pagwawasto sa loob ng 60 mga araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang kahilingan, maliban kung ang isang pagpapahaba ay ipinagkaloob para sa mga sitwasyong nagpapagaan.

Anong aksyon ang maaaring gawin kung naniniwala ang isang partido na may pagkakamali sa ulat?

Kung ang isang partido (ang nagrereklamo o ang ahensya ng edukasyon) ay naniniwala na mayroong pagkakamali na nakakaapekto sa konklusyon, pagpapasiya ng pagsunod o hindi pagsunod, o aksyon ng pagwawasto, maaaring ipaalam ng partido sa OSE at sa kabilang partido, nang nakasulat, sa loob ng 15 mga araw mula sa petsa ng ulat. Dapat tukuyin ng liham ang pinaghihinalaang pagkakamali at may kasamang anumang dokumentasyon na sumusuporta sa paghahabol na may nagawang pagkakamali. Kung nabigo ang isang partido na magsumite ng nauugnay na dokumentasyon, hindi magagawang repasuhin ng OSE ang paghahabol. Pagkatapos matanggap ang liham at dokumentasyon, magpapasya ang OSE kung anong mga hakbang ang gagawin upang matukoy kung may nagawang pagkakamali. Ang parehong partido ay aabisuhan sa resulta sa pamamagitan ng pagsulat. Kung ang isang mali ay napatunayan, ang ulat ay babaguhin, kung kinakailangan.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa resulta ng imbestigasyon sa reklamo ng Estado?

Ang isang ulat sa imbestigasyon ng reklamo ay itinuturing na isang pinakahuling desisyon ng ahensya. Samakatuwid, maaari kang maghain ng apela sa Appellate Division ng Superior Court ng New Jersey. Mayroon kang 45 na araw mula sa petsa ng desisyon na maghain ng apela. Ang higit pang impormasyon ay makukuha sa: <https://www.njcourts.gov/self-help/appeals/guide>.

Bilang kahalili, mayroon kang karapatan na maghain ng kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig upang matugunan ang iyong mga alalahanin kahit na dati silang nagsampa ng reklamo ng Estado.

Ano ang maaari kong gawin kung ang ahensya ng edukasyon ay hindi sumunod sa anumang aksyon sa pagwawasto na iniutos ng Estado sa ulat?

Dapat mong abisuhan ang OSE sa pamamagitan ng sulat na ang ahensya ng edukasyon na kasangkot sa reklamo ay hindi nagpatupad ng isa o higit pang mga aspeto ng nakasulat na desisyon at/o aksyon sa pagwawasto ng Estado. Kung napag-alaman ng OSE na ang ahensya ng edukasyon ay hindi ganap na nagpatupad ng nakasulat na desisyon at/o aksyon sa pagwawasto ng Estado sa isang napapanahong batayan, dapat itong gumawa ng mga hakbang upang maipatupad ang lahat ng aspeto ng plano ng aksyon sa pagwawasto nito hanggang ang ahensya ng edukasyon ay ganap na sumunod, sa sandaling posible, ngunit hindi lalampas sa isang taon pagkatapos matukoy ang hindi pagsunod ng Estado.

Ano ang hindi kayang gawin ng sistema ng reklamo ng Estado?

Hindi nag-iimbestiga ang OSE ng mga reklamo tungkol sa mga alegasyong mga paglabag sa Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 o iba pang mga alegasyon ng mga paglabag sa mga karapatang sibil. Ang mga bagay na ito ay direktang tinitugon sa Opisina ng mga Karapatang Sibil sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos sa 800-421-3481 o sa Opisina ng Pangkalahatang Abogado ng New Jersey, Dibisyon ng mga Karapatang Sibil, <https://www.njoag.gov/about/divisions-and-offices/division-on-civil-rights-home/>.

Gayundin, bukod sa mga kwalipikasyon ng kawani, na binanggit sa itaas, hindi matutugunan ng OSE ang mga isyu ng tauhan o mga usapin sa pangkalahatang edukasyon. Ang mga lokal na lupon ay responsable para sa mga operasyon ng kanilang mga paaralan, kabilang ang pangangasiwa ng mga tauhan at ang pangangasiwa ng mga programa.

MGA PAMAMARAAN SA DISIPLINA

Dapat bang disiplinahin ng aking distrito ng paaralan ang aking anak kung siya ay lumalabag sa isang pamantayan ng pag-uugali ng mag-aaral?

Hindi. Maaaring isaalang-alang ng iyong distrito ng paaralan ang mga natatanging kalagayan ng iyong anak kapag tinutukoy kung ang pagbabago sa pagkakalagay ay angkop bilang isang aksyong pandisiplina para sa paglabag sa isang pamantayan ng pag-uugali ng mag-aaral.

Maaari bang alisin ng distrito ng paaralan ang aking anak mula sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay para sa mga kadahilanang pandisiplina?

Oo. Maaaring suspindihin (alisin) ng mga awtoridad ng paaralan ang iyong anak mula sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay nang hindi hihigit sa 10 araw ng paaralan sa isang pagkakataon para sa anumang paglabag sa mga tuntunin ng paaralan kung ang mga batang walang kapansanan ay sasailalim sa pagtanggap para sa parehong pagkakasala. Gayunpaman, ang mga mag-aaral sa preschool na may mga kapansanan ay hindi maaaring masuspinde, pangmatagalan o panandalian, at hindi maaaring paalisin.

Makakatanggap ba ang aking anak ng anumang mga serbisyo kung siya ay tinanggal sa loob ng mas mababa sa 10 araw ng pasukan?

Oo. Ang mga regulasyong sumasaklaw sa pangkalahatang edukasyon ay nag-aatas na ang lahat ng mga mag-aaral ay mabigyan ng mga serbisyong pang-edukasyon nang hindi lalampas sa ikalimang magkakasunod na araw ng pagtanggap para sa mga kadahilanang pandisiplina. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral na may mga kapansanan ay dapat mabigyan ng mga serbisyong naaayon sa kanilang IEP sa ikalimang araw ng anumang pagtanggap para sa mga kadahilanang pandisiplina, o mas maaga kung matukoy ng distrito na naaangkop na magbigay ng mga serbisyo.

Maaari bang paulit-ulit na tanggalin ng distrito ng paaralan ang aking anak para sa magkakahiwalay na insidente ng maling pag-uugali?

Oo. Maaaring tanggalin ng mga opisyal ng paaralan ang iyong anak mula sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay nang hanggang 10 araw ng pag-aaral sa isang pagkakataon, sa tuwing naaangkop ang disiplina, at ang nasabing pagtanggap ay naaayon sa pagtrato sa mga batang walang kapansanan. Bilang karagdagan, ang mga opisyal ng paaralan ay maaari ding magpatupad ng mga karagdagang pagsususpinde ng hanggang 10 araw ng pasukan sa isang pagkakataon sa taon ng pag-aaral para sa mga magkakahiwalay na insidente ng maling pag-uugali kung ang mga serbisyong pang-edukasyon ay ipagkakaloob para sa natitirang bahagi ng mga pagtanggap, sa lawak na kinakailangan. Hindi ka kailangang isali ng mga opisyal ng paaralan sa desisyon na tanggalin ang iyong anak o sa desisyon tungkol sa mga serbisyong ibibigay. Gayunpaman, hindi maaaring paulit-ulit na tanggalin ng mga opisyal ng paaralan ang iyong anak para sa mga panandaliang pagsususpinde (hanggang sa 10 araw ng pasukan sa bawat panahon) kung ang mga pagsususpinde na ito ay bumubuo ng isang tularan na isang pagbabago ng pagkakalagay.

Anong mga hakbang ang dapat gawin ng paaralan kapag nagpapatupad ng mga serye ng mga panandaliang pagtanggap?

Ang mga serye ng mga panandaliang pag-alis mula sa kasalukuyang pagkakalagay na pang-edukasyon ng iyong anak ay maaaring isang tularan na nagresulta sa pagbabago sa pagkakalagay kapag ang kabuuang bilang ng mga araw ng pag-aaral ay naipon (nadagdagan) sa higit sa 10. Ang mga opisyal ng paaralan sa konsultasyon sa tagapamahala ng kaso ay nagpapasiya kung ang mga serye ng mga panandaliang pagtanggap ay isang pagbabago sa pagkakalagay. Ang pagpapasiya kung ang mga serye ng mga panandaliang pag-aalis ay bumubuo ng pagbabago sa pagkakalagay ay batay sa kung ang pag-uugali na nagresulta sa isang pag-aalis ay katulad ng pag-uugali na nagresulta sa mga nakaraang pag-alis at pagsasaalang-alang sa mga sumusunod na salik: ang tagal ng bawat pag-alis, ang kabuuang tagal ng oras na inalis ang iyong anak, at ang lapit (kalapitan) ng mga pag-alis sa isa't isa.

Kung ang mga serye ng mga panandaliang pag-aalis ay hindi isang pagbabago sa pagkakalagay, ang iyong anak ay maaaring alisin sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay. Tinutukoy ng mga opisyal ng distrito ng paaralan sa pagkonsulta sa tagapamahala ng kaso ng bata at hindi bababa sa isa sa mga guro ng iyong anak kung hanggang saan ang mga serbisyo ay kinakailangan upang bigyang-daan ang iyong anak na makilahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon at umunlad nang naaangkop tungo sa pagkamit ng mga layuning itinakda sa IEP ng iyong anak.

Kung ang mga opisyal ng paaralan sa konsultasyon sa tagapamahala ng kaso, ay nagpasiya na ang mga serye ng mga panandaliang pagtanggap ay isang pagbabago ng pagkakalagay, ang pangkat ng IEP ay dapat magpulong upang matukoy kung ang maling pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng mag-aaral (isang **pagpapasiya sa pagpapakita**). Bilang miyembro ng pangkat ng IEP, may karapatan kang lumahok sa mga pagpupulong na ito. Ang pagpapasiya sa pagpapakita ay ginawa ng mga opisyal ng distrito ng paaralan, mga kaugnay na miyembro ng pangkat ng IEP at ikaw. Ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng isang mag-aaral kung:

- ang pag-uugali na pinag-uusapan ay sanhi ng, o nagkaroon ng direkta at malaking kaugnayan sa, kapansanan ng bata; O
- ang pag-uugali na pinag-uusapan ay ang direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang IEP ng bata.

Kung ang alinman sa mga pamantayang ito ay natugunan, ang pag-uugali na pinag-uusapan ay isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak. Kung gayon, ang distrito ng paaralan ay dapat magsagawa ng pagtatasa sa gumaganang pag-uugali (functional behavioral assessment, FBA) ng iyong anak maliban na nagawa na ito bago ang pag-uugali na nagresulta sa pandisiplinang aksyon. Dapat ding bumuo ang distrito ng paaralan ng plano sa pamamagitan sa pag-uugali (behavior intervention plan, BIP) para sa iyong anak o baguhin ang BIP kung ang iyong anak ay mayroon nang BIP. Kung ang pag-uugali ay napagpasyahan na hindi isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, ikaw at ang distrito ng paaralan ay maaari pa ring magkasundo na magsagawa ng pagtatasa ng gumaganang pag-uugali ng iyong anak at baguhin o bumuo ng BIP para sa iyong anak.

Kung ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, ang iyong anak ay hindi dapat tanggalin sa kanyang kasalukuyang edukasyonal na pagkakalagay (maliban sa kaso ng mga droga, mga armas o malubhang pinsala sa katawan) maliban kung ang pangkat ng IEP ay bumuo ng isang bagong IEP at magmungkahi ng isang bagong paglalagay para sa iyong anak. Kung ang pag-uugali ay hindi isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, maaari siyang disiplinahin gaya ng ibang bata maliban na ang paaralan ay dapat magpatuloy sa pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong anak. Tinutukoy ng pangkat ng IEP ang lawak ng mga serbisyong kailangang lahanan at umunlaran ng iyong anak sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon at para sumulong nang naaangkop tungo sa pagkamit sa mga layuning itinakda sa IEP ng iyong anak.

Maaari kang hindi sumang-ayon sa pagpapasiya na tanggalin ang iyong anak nang higit sa 10 pinagsama-samang mga araw ng pag-aaral sa pamamagitan ng paghiling ng pamamagitan, isang angkop na proseso ng pagdinig o isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig.

Anong mga hakbang ang dapat gawin ng paaralan upang masuspinde ang aking anak nang higit sa 10 magkakasunod na mga araw ng pag-aaral?

Ang pag-alis mula sa kasalukuyang edukasyonal na pagkakalagay ng iyong anak nang higit sa 10 magkakasunod na mga araw ng pag-aaral para sa mga kadahilanang pandisiplina ay isang pagbabago sa pagkakalagay. Kung nais ng distrito ng paaralan na suspindihin ang iyong anak ng higit sa 10 magkakasunod na mga araw ng pag-aaral, ang pangkat ng IEP ay dapat magdaos ng isang pagpupulong upang repasuhin ang BIP na binuo para sa iyong anak bilang bahagi ng kanyang IEP. Kung ang isang BIP ay hindi bahagi ng IEP ng iyong anak, ang pangkat ng IEP ay dapat magsagawa ng FBA at bumuo ng isang BIP. Bilang karagdagan, dapat tukuyin ng pangkat ng IEP kung ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak o hindi. Bilang miyembro ng pangkat ng IEP, may karapatan kang lumahok sa mga pagpupulong na ito.

Ang pagpapasiya sa pagpapakita ay ginagawa ng mga opisyal ng distrito ng paaralan at mga kaugnay na mga miyembro ng pangkat ng IEP na kinabibilangan mo. Ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng isang mag-aaral kung:

- ang pag-uugali na pinag-uusapan ay sanhi ng, o nagkaroon ng direkta at malaking kaugnayan sa, kapansanan ng bata; O
- ang pag-uugali na pinag-uusapan ay ang direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang IEP ng bata.

Kung ang alinman sa mga pamantayang ito ay natugunan, ang pag-uugali na pinag-uusapan ay isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak. Kung gayon, ang distrito ng paaralan ay dapat magsagawa ng FBA sa iyong anak maliban na lamang kung nakapagsagawa na ito bago ang pag-uugali na nagresulta sa aksyong pandisiplina. Ang distrito ng paaralan ay dapat ding bumuo ng isang BIP para sa iyong anak o baguhin ang BIP kung ang iyong anak ay mayroon nang BIP. Kung ang pag-uugali ay napagpasyahan na hindi isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, ikaw at ang distrito ng paaralan ay maaari pa ring magkasundo na magsagawa ng FBA sa iyong anak at baguhin o bumuo ng isang BIP para sa iyong anak.

Kung ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, ang iyong anak ay hindi dapat tanggalin sa kanyang kasalukuyang edukasyonal na pagkakalagay (maliban sa kaso ng mga droga, mga armas o malubhang pinsala sa katawan) maliban kung ang pangkat ng IEP ay bumuo ng isang bagong IEP at magmungkahi ng isang bagong paglalagay para sa iyong anak. Kung ang pag-uugali ay hindi isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, maaari siyang disiplinahin gaya ng ibang bata maliban na ang paaralan ay dapat magpatuloy sa pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong anak. Tinutukoy ng pangkat ng IEP ang lawak ng mga serbisyong kinakailangan para sa iyong anak na lumahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon.

Anong mga hakbang ang maaaring gawin ng paaralan para tanggalin ang aking anak para sa disiplina kung may kinalaman sa mga armas, mga droga o malubhang pinsala sa katawan?

Maaaring ilagay ng distrito ng paaralan ang iyong anak sa isang pansamantalang alternatibong pang-edukasyon na kapaligiran (interim alternative educational setting, IAES) nang hanggang 45 mga araw ng kalendaryo, kung ang iyong anak ay:

- Nagtataglay ng armas sa o nagdadala ng sandata sa paaralan o isang pagtitipon ng paaralan;
- Nagtataglay o gumagamit ng mga ilegal na droga, o nagbebenta o sinusubukang magbenta ng mga kinokontrol na mga sangkap habang nasa paaralan o isang pagtitipon ng paaralan; o
- Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan.

Ang pangkat ng IEP ang magpapasya sa IAES at ang mga hakbang na gagawin sa pagtatapos ng 45-araw na pagkakalagay.

Anong mga hakbang ang maaaring gawin ng paaralan upang maalis ang aking anak sa panganib mula sa sarili o sa iba?

Ang distrito ng paaralan ay maaaring makakuha ng utos mula sa isang ALJ na baguhin ang edukasyonal na pagkakalagay ng iyong anak sa isang IAES nang hanggang 45 mga araw, kung may panganib na malamang na mapinsala ang iyong anak o mga iba kung ang iyong anak ay mananatili sa kasalukuyang pagkakalagay. Ang ALJ ang magpapasya sa IAES.

Paglalagay sa Panahon ng Nakabinbin na Pamamagitan o isang Angkop na Proseso ng Pagdinig para sa Pagdidisiplina

Kung sinimulan mo ang pamamagitan, isang angkop na proseso ng pagdinig, o isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig para sa isang pag-alis ng higit sa 10 pinagsama-samang mga araw ng paaralan sa isang taon ng paaralan, ang pag-alis ay maaaring mangyari habang ang hindi pagkakasundo ay nilulutas.

Kung sinimulan mo ang pamamagitan, isang angkop na proseso ng pagdinig o isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig para sa isang pag-alis ng higit sa 10 magkakasunod na mga araw ng paaralan, ikaw at ang iyong distrito ng paaralan ay dapat magsagawa ng isang pagpapasiya sa pagpapakita upang matukoy kung ang pag-uugali na nagresulta sa disiplina ay sanhi ng kapansanan ng iyong anak. Kung ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, ang iyong anak ay dapat na ibalik sa kanyang dating pagkakalagay habang ang usapin ay nakabinbin maliban kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay magkasundo o ang lumilitaw na agarang kaluwagan na nagbabago sa pagkakalagay ng iyong anak ay ipinagkaloob ng isang ALJ. Kung natukoy na ang pag-uugali ay hindi isang pagpapakita ng kapansanan ng iyong anak, ang iyong anak ay mananatili sa IAES hanggang sa malutas ang usapin sa pamamagitan ng pinakahuling desisyon o isang kasunduan sa pagitan mo at ng distrito ng paaralan, o hanggang sa matapos ang panahon ng pagtanggap, alinman ang mauuna.

Sa mga kaso kung saan ang iyong anak ay inilagay sa isang IAES para sa mga droga, mga armas o malubhang pinsala sa katawan, maliban kung ikaw at ang iyong distrito ng paaralan ay nagkasundo na ang iyong anak ay mananatili sa IAES sa loob ng 45 mga araw ng kalendaryo o hanggang sa isang pinakahuling desisyon ay ibigay ng ALJ, alinman ang mangyari nang mas maaga. Pagkatapos nito, babalik ang iyong anak sa kanyang dating napagkasunduang pagkakalagay maliban kung nag-utos ang ALJ ng isa pang pagkakalagay o ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa isa pang pagkakalagay.

MGA KARANIWANG GINAGAMIT NA TERMINO

Pagsusuri

Ang mga pagsubok at iba pang mga pamamaraan ng pagtatasa, kabilang ang pagrepaso ng impormasyon, na ginagamit upang magpasya kung ang iyong anak ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.

Libre, Angkop na Pamublikong Edukasyon (Free, Appropriate Public Education, FAPE)

Espesyal na edukasyon at mga kaugnay na mga serbisyo na ibinibigay sa gastos ng publiko, sa ilalim ng pamublikong pangangasiwa at direksyon, at libre; natutugunan ang mga kinakailangan ng estado at pederal; kasama ang edukasyon sa preschool, elementarya, o sekondaryang paaralan; at ibinibigay ayon sa isang IEP.

Pagtatasa ng Gumaganang Pag-uugali

Ang proseso ng pag-unawa kung bakit ang isang mag-aaral ay nakikibahagi sa mapaghamong pag-uugali at kung paano nauugnay ang pag-uugali ng mag-aaral sa kapaligiran. Ang layunin ng pagtatasa ng gumaganang pag-uugali ay mangalap ng impormasyon para mas maunawaan ang mga partikular na dahilan para sa problema sa pag-uugali ng mag-aaral.

Pagkakakilanlan

Ang desisyon na suriin ang isang bata upang matukoy kung kailangan ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.

Kapaligiran na may Pinakakaunting Paghihigpit (Least Restrictive Environment, LRE)

Sa pinakamataas na lawak na naaangkop, ang mga batang may kapansanan ay tinuturuan kasama ng mga batang walang kapansanan at ang mga espesyal na klase, hiwalay na pag-aaral, o iba pang pag-alis ng mga batang may kapansanan mula sa regular na kapaligirang pang-edukasyon ay nangyayari lamang kapag ang kalikasan at kalubhaan ng kapansanan ay nangyayari lamang na ang edukasyon sa mga regular na klase sa paggamit ng mga pandagdag na tulong at serbisyo ay hindi makakamit nang kasiya-siya.

Manatili sa Lugar

Ang pangangailangan na walang pagbabagong maaaring gawin sa edukasyon ng isang mag-aaral na o maaaring matukoy na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon sa panahon ng pamamagitan o angkop na proseso. Ang mag-aaral ay dapat manatili sa kanyang kasalukuyang programa o pagkakalagay, maliban kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa isang pagbabago o ang isang ALJ ay nag-utos ng pagbabago.¹³

¹³ Ayon sa mga Pederal na Regulasyon, ang mga mag-aaral sa edad na preschool na may mga kapansanan ay hindi binibigyan ng pananatili sa lugar kung hiniling ang pamamagitan o isang angkop na proseso ng pagdinig tungkol sa pagpapatupad ng paunang IEP.

MGA MADUDULUGAN

Para sa tulong sa pag-uunawa sa iyong mga karapatan, maaari kang makipag-ugnayan sa alinman sa mga sumusunod:

Kinatawan ng Paaralan ng Distrito

Numero ng Telepono

Statewide Parent Advocacy Network (SPAN) sa (800) 654-7726

Disability Rights New Jersey (DRNJ) sa (800) 922-7233

Kagawaran ng Edukasyon ng New Jersey sa pamamagitan ng kanilang _____ na Opisina sa County:

Espesyalista ng Espesyal na Edukasyon ng County

Numero ng Telepono

Website ng OSE: www.state.nj.us/education/specialed/

MGA MADUDULUGAN PARA SA PAGLIPAT SA PANG-ADULTONG BUHAY

Opisina ng Espesyal na Edukasyon sa Kagawaran ng Edukasyon ng New Jersey:

Ang Opisina ng Espesyal na Edukasyon ay nagbibigay ng pagsasanay at teknikal na tulong sa paksa ng paglipat mula sa paaralan tungo sa pang-adultong buhay sa mga kawani ng paaralan, mga mag-aaral at mga miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng network ng Sentro ng Mapagkukunan sa Pagtututo. Ang impormasyon at mga mapagkukunan sa paglipat ay makukuha sa website ng OSE: <http://www.state.nj.us/education/specialed/transition/>.

Ang OSE ay nag-ispponsor din ng mga inisyatiba sa pagsasanay para sa mga distrito ng paaralan sa mga paksang nauugnay sa paglipat ng Pagtuturo na Nakabatay sa Komunidad, at mga Pamamaraang Nakasentro sa Tao sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa The Boggs Center sa Pagsulong ng mga Kapansanan sa Rutgers.

Pagtuturo na Nakabatay sa Komunidad

Ang Pagtuturo na Nakabatay sa Komunidad (Community-Based Instruction, CBI) ay nakabatay sa pananaliksik na kasanayan na kinasasangkutan ng pinananatili at paulit-ulit na pagtuturo na nagaganap sa komunidad sa halip na sa gusali ng paaralan. Ang pagsasanay at mga pagsisikap sa teknikal na tulong ng CBI ay tumutulong sa mga distrito ng paaralan sa pagbibigay ng pagtuturo para sa mga mag-aaral sa mga kapaligiran na nakabatay sa komunidad. Kasama sa mga pagsisikap na ito ang pagbibigay ng impormasyon sa mga distrito sa pamamagitan ng mga workshop, pagbabahagi ng matagumpay na pagsisikap na kasalukuyang nagaganap sa mga distrito ng paaralan ng New Jersey, at pag-aalok ng direktang teknikal na tulong sa mga distrito ng paaralan na tumutugon sa mga estratehiya ng CBI, mga pangangailangan sa pagsasanay, at mga kinakailangang suportang pang-administratibo. Ang lahat ng mga aktibidad ay idinisenyo upang lumikha ng positibo, nakikitang mga resulta para sa mga mag-aaral.

Mga Pamamaraang Nakasentro sa Tao

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng New Jersey, Opisina ng Espesyal na Edukasyon, sa pakikipagtulungan sa The Boggs Center, ay nagsasagawa ng pagpapalano, pagpapaunlad, at mga bagong aktibidad na naglalayong isulong ang mga epektibong paglilipat para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan sa pamamagitan ng paggamit ng mga diskarteng nakasentro sa tao. Nagbibigay ang The Boggs Center ng kadalubhasaan sa mga pamamaraang ito sa kritikal na proseso ng pagpapalano para sa mabisang paglipat mula sa paaralan patungo sa pang-adultong buhay, kabilang ang pagtatrabaho at pakikipag-ugnayan sa mga sistema ng serbisyo para sa mga adulto. Ang proyekto ay naglalayong tukuyin ang mga estratehiya na positibong makakaapekto sa mga resulta ng postschool. Bisitahin ang website ng OSE para sa higit pang impormasyon sa [Mga Pamamaraan Nakasentro sa Tao](#).

Nakabalangkas na Karanasan sa Pag-aaral (Structured Learning Experience, SLE)

Ang nakabalangkas na karanasan sa pag-aaral ay nangangahulugan ng pangkaranasan, pinangangasiwaan na malalim na mga karanasan sa pag-aaral na idinisenyo upang mag-alok sa mga mag-aaral ng pagkakataon na mas ganap na matuklasan ang mga interes sa karera. Bisitahin ang website ng NJDOE para sa karagdagang impormasyon sa [Nakabalangkas na Karanasan sa Pag-aaral](#).

Dibisyon ng mga Serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon (Division of Vocational Rehabilitation Services, DVRS) sa Kagawaran ng Trabaho at Pag-uunlad ng Trabaho ng New Jersey:

